

ISANG PATNUBAY



Pagpalain ka ng Panginoon, Kapatid na Neville.

Nagagalak na makabalik sa bahay sambahan ngayong gabi. Medyo namamaos lamang ng kaunti. Medyo mahaba—haba ang Mensahe kaninang umaga, at ako’y tunay na nagagalak Ito’y sa dakong ito, gayon man. At ako mismo ay nasiyahan Dito, sa paghahatid Nito, at umaasa ako na kayo’y nasiyahan sa pikikinig Nito. [Sabi ng kongregasyon, “Amen.” – Pat.]

² Huwag kalimutan ngayon, laging tandaan ito, na ang mga ito ang mga bagay na bumubuo sa lingkod ni Cristo. Kita n’yo, una ang pananampalataya, pagkatapos ay kagalingan. At ngayon tandaan, hindi matatakpan ng Banal na Espiritu ang tahanan ng Diyos hanggang sa ang mga bagay na ito ay gumagana sa pamamagitan ng Espiritu. Anuman ang inyong gawin, kita n’yo. Iyon ang mga bagay na bumubuo sa Katawan ni Cristo, kita n’yo, ang mga bagay na iyon. Ngayon, huwag kalilimutan ‘yan, na ito *rito* ay una, ay ang inyong pananampalataya. Kagalingan, kaalaman, at iba pa, ay idagdag dito, hanggang sa ang buong kapuspusan ni Cristo ay mahayag, pagkatapos ang Banal na Espiritu ay bababa dito at tatatakan ito bilang isang Katawan. Ang mga bagay na ito ay kinakailangan. Sa gayon, sinabi ni Jesus, “Sa kanilang bunga ay makikilala sila.” Kita n’yo, bunga! Hindi kayo makakapamunga nang wala ang mga bagay na ito upang ipamunga sa inyo. At pagkatapos kapag ang lahat ng ito ay kinuha ang lugar ng kamunduhan at—at kawalang—kabanalan, at iba pa, kung gayon ang lahat ng kawalang—pananampalataya ay maaalis, at lahat ng mga bagay ng sanlibutan ay lumipas na, kung gayun ay wala na kundi isang bagong nilalang kay Cristo. At sa gayun sinasabi ng Efeso 4:30, “Huwag ninyong pighatiin ang Banal na Espiritu ng Diyos, na sa Kaniya kayo ay tinatakan hanggang sa kaaarawan ng inyong pagkatubos.” Tinatakan papasok sa Kaharian ng Diyos! Ngayon, huwag kalimutan ‘yan. Ingatan ‘yan sa pagiisip ngayon, kinakailangan muna *ang mga* bagay na ito. Pagkatapos ang pagtatatak ay ang Banal na Espiritu, ang Panakip na nagtatatak sa atin sa Katawan. Mabuti.

³ Tayo ay may isang—isang kahilingan ngayon para kay babaeng kapatid na Little, ng Chicago, ang kaniyang asawa ay naaksidente sa sasakyan at nakaratay sa bingit ng kamatayan, si babaeng kapatid na Little. At si Edith Wright, ang ating munting babaeng kapatid dito na matagal na nating kilala, siya ay napaka, napakagrabe, nasa kaniyang tahanan ngayong gabi, at gusto nilang maipalam ito sa iglesiya upang makapanalangin tayong lahat ng sama—sama para sa kahilingang ito. At ngayon iyukod natin ang ating mga ulo sandali.

⁴ Aming minamahal, Makalangit na Ama, kami ay nagkakatipon sa palibot (sa pamamagitan ng pananampalataya) ng Trono ng Diyos, at kami'y humihiling ng Makalangit na kahabagan para sa mga kahilingang ito. Ang lalaking kapatid na Little, sa isang aksidente sa kotse, nasa bingit ng kamatayan. Diyos, tulungan Mo siya. Nawa ang Banal na Espiritu ay mapasa tabi ng kaniyang highaan at ibalik siyang muli sa amin, Panginoon. At ang munting si Edith Wright doon, dalangin Ko, Diyos, na ang Banal na Espiritu ay mapasa tabi ng kaniyang highaan ngayong gabi at ipanumbalik muli sa kaniya ang kaniyang kalusugan. Ipagkaloob ito, Ama. Iyong Ipinangako ang mga bagay na ito, at aming sinasampalatayanan sila. At habang aming naiisip kaninang umaga, na ang distansiya ay walang anuman sa Iyo, Ikaw ay sadyang kasing dakila sa isang panig ng mundo na gaya ng Ikaw rin sa kabilang panig, dahil Ikaw ay nasa lahat ng dako, makapangyarihan sa lahat, at walang hanggan. At kami ay dumadalangin, Ama, na Iyong ipagkaloob ang mga kahilingang ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

⁵ Napakasayang maparito muli ngayong gabi, upang... At alam kong mainit. Ang mga ito'y tatlong sunod—sunod na pagtitipon, at ito'y... Alam kong ang ilan sa inyo ay may kasing layo ng limang daang milya ang imamaneho sa pagitan ngayon at umaga. At simula pagkatapos ng bukas, ako'y may labing apat na daan imamaneho pagkatapos niyaon. Kaya, kaya ako'y—ako'y nagtitiwala na ito'y naging mainam na panahon para sa inyong lahat. At naging isang napakainam na pagkakataon para sa akin na madalaw kayo. May isang bagay lamang kaming hiniling, napakarami ang hindi pinayagang makapasok dahil wala ng lugar, hindi natin maaaring punuin ng husto ang mga pasilyo, ang kagawaran ng sunog ay hindi iyan ipahihintulot. Kaya aming sinisikap ngayon na magkaroon ng mas malaki—laking bahay sambahan, upang sa gayon kung tayo'y nasa loob, at magkakaroon tayo ng mauupuan para sa mga tao.

⁶ At ngayon, anumang oras, kayo'y laging malugod na tinatanggap dito sa tabernakulo, kung saan kami'y walang kredo kundi si Cristo, walang batas kundi pag—ibig, walang aklat kundi ang Biblia. At kaya... At ang aming pastor ay si Kapatid na Orman Neville dito. At mayroon kaming kongregasyon dito ng—ng maraming tao na nagkakatipon dito bilang mga pinagsama—samang denominasyon na tabernakulo, kung saan kayo'y pumaparito upang sumamba sa Diyos ayon sa udyok ng inyong sariling budhi. Kami'y laging nagagalak na makasama kayo. At kaya kayo'y pumarito kung magagawa nyo, kami'y nagagalak lagi na tanggapin kayo.

⁷ At ngayon sa susunod na pagkakataon, sa abot ng aking nalalaman, na makasama kayo, ay pagkatapos na ang bahay—sambahan ay matapos. At gusto ko sa gayun, pagkatapos ng *Mga*

Kapanahunan ng Iglesia, mula roon ay nais nating magtungo sa pitong huling *Mga Tatak*, at ang pitong huling *Mga Tatak* sa Aklat ng Apocalipsis, para ituro Iyan.

⁸ At ngayon mayroong napakaraming pagkakataon na ang mga may sakit at may karamdaman ay dumarating, at sa panahon ng mga pagtitipong ito, kung saan ang mga pangitain ay kinakailangan, at pumaparito para sa natatanging panayam. Kung magagawa ko ‘yan, pagkatapos ako’y—sadyang hindi ko malaman ang kaibhan sa pagitan nila, at, hindi, mahirap na para sa akin ang mangusap pagkatapos niyan. At alam ng bawat isa na sa ating mga gawaing pagpapagaling, na si Ginoong Baxter o iba pa ang kadalasang nangangaral, at ako’y lumalabas upang ipanalangin ang mga may sakit, dahil ito’y sadyang nakakapagod ng kaunti. At ako’y nananalangin para sa ilang mga tao kanina lamang, at pagkatapos ay nakita ko ang isang munting bata dito na ang mga doktor . . . isang bagay sa kaniyang likuran, ay isinilang sa ibang paraan. Papalabas ako, nakita ko itong nakaupo doon sa isang molde. Ang batang iyan ay hindi kailanman kailangan na magiging lumpo na tulad niyan, ito’y gagaling. Tiyak, ito nga, kita n’yo. Iya’y, nalalaman ko ‘yan. Kita n’yo, ako’y positibo diyan. Kaya gusto natin na magkakaroon tayo ng pananampalataya at manampalataya sa Diyos.

⁹ Bawat isa sa inyo, at marami sa inyo ay estranghero sa akin, ang lahat ng mga ministro at iba pa. Kung hindi ako nagkakamali, ito si Lalaking kapatid na Crase. Tama ba ‘yan? Lalaking kapatid na Crase, Ako’y—ako’y may ihihingi ng paumanhin sa iyo, sa hindi pagpunta doon sa paghahandog na iyon. Siguro ako’y pupunta roon para sa isang katapusan—ng—sanlinggong gawain, iya’y magiging kasing inam. Tama ba ‘yan? Doon sa Bloomington. Kayo ba’y mabuti? Mainam. Ang ilan sa mga lalaking kapatid dito ay mga ministro, palagay ko. Ika’y isang ministro? Opo. Pagpalain ka ng Panginoon. At ilan bang mga ministro ang nasa gusali, nais naming makita ang inyong kamay. Bueno, iyan ay sadyang mainam. Kami’y nagagalak na makasama kayo dito, sadyang nagagalak. Pagpalain kayo ng Diyos!

¹⁰ Ngayon, upang tayo’y makalabas ng mas maaga, ang ilan sa kanila ay pupunta sa Georgia, Tennessee, New York, sa lahat ng dako, mula ngayong gabi, simula ngayong gabi. Ngayon, mag—ingat sa pagmamaneho sa daan. Kung kayo’y inaantok, ayaw n’yong pumasok sa motel, pumarada sa gilid ng daan at matulog hanggang kayo’y . . . ‘Yan ang ginagawa ko. Kita n’yo, pumarada lamang at matulog. Huwag, huwag kayong magmaneho habang kayo’y inaantok. Iya’y hindi mabuting bagay. At, alalahanin, hindi kayo, ang ibang tao ang dapat n’yong bantayan. Kita n’yo? Alam n’yo kung saan kayo patungo, hindi n’yo alam kung saan siya patungo, kaya—kaya dapat n’yong bantayan ang taong

'yon. Kaya, tiyakin n'yo na kayo'y listo sa lahat ng oras, na magbantay dito.

¹¹ Ngayon, nais kong basahin ngayong gabi ang isang bahagi ng Kasulatan na matatagpuan sa Aklat ng San Juan. Ngayon, ang mga munting Kasulatang ito na ating binabasa at tinatalakay, ay mga magbibigay sa atin ng batayan sa kung ano ang sinisikap nating sabihin. At lagi, wala pa ako ni minsan, sa natatandaan ko, kailanman sa pagpunta sa pulpito, na sikaping magsalita ng isang bagay para lamang makapangusap. Lagi kong sinisikap na maghintay, magbantay, mag—aral, manalangin, hanggang sa maramdaman ko na mayroon akong isang bagay na makakatulong sa mga tao. Kung hindi ako magiging isang tulong, kung gayon ay hindi ko kailangang tumayo dito, kita n'yo. Ay, sikaping makatulong! At ngayong gabi, mangyari pa, ang mas malaking bahagi ng ating mga tao ay nagsialis na mula kaninang umaga, at kailangan nilang makauwi, marami sa kanila. Ngunit, ngayong gabi, sinabi ko sa inyo kung kayo ay mananatili sisikapin nating magkaroon lamang ng mga apatnapu't limang minutong pangangaral sa isang bagay na umaasa akong makakatulong sa atin. At atin itong ibabatay ngayon sa San Juan, ang ika—16 na kabanata, at simulan natin tungkol sa—sa ika—7 talata ng ika—16 na kabanata, at basahin hanggang sa—sa ika—15 talata.

Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo.

At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol:

Tungkol sa kasalanan, sapagka't hindi sila nagsisampalataya sa akin;

Tungkol sa katuwiran, sapagka't ako'y paroroon sa Ama, at hindi na ninyo ako makikita;

Tungkol sa paghatol, sapagka't ang prinsipe ng sanglibutang ito ay hinatulan na.

Mayroon pa akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, nguni't ngayon ay hindi ninyo mangatitiis.

Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating.

Sapagka't, luluwalhatiin niya ako: sapagka't kukuha siya sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.

Ang lahat ng mga bagay na nasa—nasa Ama ay akin: kaya sinabi ko, na siya'y kukuha sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.

¹² Ngayon sa ika—13 talata na ito. “Gayon ma’y kung ang Espiritu ng Katotohanan ay dumating, ay papatnubayan Niya kayo sa buong Katotohanan. Kung ang Espiritu ng Katotohanan ay dumating, ay papatnubayan Niya kayo sa buong Katotohanan.” Ano ang Katotohanan? Ang Salita. “Sapagka’t Siya ay magsasalita, hindi Siya magsasalita ng mula sa Kaniyang sarili; kundi ang anomang Kaniyang marinig, Kaniyang sasalitain.” Sa ibang salita, Siya ang Siyang maghahayag ng bagay, kita n’yo. At ang ika—4 na Kabanata ng Mga Taga Hebreo, sinabi ng Biblia na “Ang Salita ng Diyos ay mas matalas, mas mabisa kaysa isang tabak na may dalawang talim, isang—isang Kumikilala ng mga pag—iisip ng isipan, ng puso.” Kita n’yo, “Anoman ang Kaniyang marinig, Kaniyang sasalitain, at Kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating.” Kita n’yo? Ano ang gagawa niyaon? Ang Banal na Espiritu na Siyang darating sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

¹³ At nais kong kunin ang mga sumusunod na ilang minutong ito upang tawagin ang inyong pansin sa salitang “patnubay,” *Isang Patnubay*. Alam n’yo, ako’y nagkaroon ng ilang mga karanasan sa kakahuyan. Isang patnubay, isang taong magpapakita sa iyo ng paligid. Kailangan ninyong magkaroon ng patnubay kung hindi ninyo alam ang iyong pupuntahan. At bilang sanay sa pangangaso, at ng buong mundo palibot, ako’y nagkaroon ng—ng pagkakataon na makilala ang mga patnubay. At ako ay isang patnubay, mismo, sa Colorado, dahil sa kabisado ang bayan, nagrarrantso, at kung ano pa, kaya Kong mamatnubay sa Colorado.

¹⁴ Ngayon, ang isang patnubay ay dapat na nalalaman ang daan. Dapat na alam niya kung saan siya pupunta at kung ano kaniyang ginagawa, at kung paano ka niya iingatan habang nasa daan. Kita n’yo? Kailangan niyang tiyakin na hindi ka maliligaw. Ang isang patnubay ay isang piniling tao. Ang pamahalaan ang pumipili sa taong ito kung siya ay isang patnubay. At, ngayon, sa pagtungo sa isang paglalakbay sa kagubatan, kung saan marahil ay hindi kayo sanay na pumupunta, hindi mabuting bagay para sa inyo na pumunta nang walang kasamang isa. Sa totoo lang, may ilang mga lugar na hindi man lang kayo makakapunta na walang kasamang isa, gaya halimbawa, sa Canada. Ang—ang patnubay ay kailangang pumirma sa inyong lisensiya sa tagabantay. Kailangang isama niya ang kaniyang sarili, at siya ang may pananagutan sa inyo. Kung may anumang mangyari sa inyo, iyon ay kaniyang

pananagutan. Kailangan niya kayong pangalagaan. Kailangan niyang siguruhin na hindi kayo maliligaw. Kailangan niyang tiyakin na hindi niya kayo papupuntahin sa isang lugar na hindi ninyo alam ang daan pabalik. At kung mangyaring kayo nga ay maligaw, dapat na kabisado niyang lubos ang bayan para magawa niyang sunduin kayo anumang oras. Kailangang alam niya ang lahat ng mga bagay na ito o hindi siya maaaring maging patnubay, hindi siya maaaring mabigyan ng lisensiya upang maging patnubay.

¹⁵ Para sa mga bagay na ito, kung minsan kailangan ninyong magkaroon ng tipanan, tumawag ng mas maaga at makipagkasundo, at magpareserba upang maisama. At kung kayo'y...Minsan siya'y maraming ginagawa at hindi niya kayo maaaring isama, kailangan ninyong ipagpaliban na muna sandali, sa—sa makalupang patnubay. Hindi ninyo kailangang gawin iyan sa Patnubay ng Diyos, Siya'y laging handa, laging handa.

¹⁶ Ngayon, kung ang mga paghahandang ito ay hindi ninyo naisagawa, at kayo'y nagbabalak na magkaroon ng isang paglalakbay sa kagubatan kung saan hindi pa kayo kailanman nakapunta, maaari kayong maligaw, at mamatay. Mayroon lamang kayong mga isang porsiyentong pagkakataon na makalabas sa kagubatan, iyan ay, kung hindi masyadong masukal, maaaring magkaroon kayo ng isang porsiyentong pagkakataon na makalabas ng mag—isa. Ngunit kung iyon ay masyadong masukal na gubat, sa kaloob—looban, wala kayong pagkakataon na makalabas. Walang anumang paraan na magagawa iyon, dahil masusumpungan ninyo ang inyong sarili na nasa lakad—ng—kamatayan, at pagkatapos kayo—kayo'y wala na, pagkatapos kayo'y tapos na. Ngayon, at kayo'y mamamatay kung wala kayong patnubay na nakakaalam sa kabundukan at nakakaalam kung paano makakabalik.

¹⁷ Marami sa inyo ay nakakaalam sa lathalain na nabasa ninyo noong nakaraang taon doon sa Tucson, Arizona, ang mga Boy Scout na iyon. Gayon man, sila'y naturuan na malaman kung paano pangalagaan ang kanilang mga sarili, sila ay mga iskaut. At sila'y hindi lamang mga Cub Scouts, sila'y mga ganap na iskaut. At sila'y naglakbay paakyat sa kabundukan, at isang bagyo ng niyebe ang dumating, nagbago ang kalagayan ng kalikasan. At nang nasumpungan nila ang kanilang mga sarili na naliligaw at silang lahat at nawala, ay dahil na sila...isang bagay, dumating ang pagbabago sa karaniwang kalakaran, hindi nila alam kung paano makalabas. Kita n'yo? At nakalimutan ko kung ilang batang lalaki ang naroon na namatay sa kabundukan, kahit na may mga helikopter, at ang Mamamayang Kawal doon, at ang mga Pambansang Bantay, at mga boluntaryo na tumulong, at lahat. Ngunit sila'y naligaw, walang nakakaalam kung nasaan sila. At hindi nila kayang

pangalagaan ang kanilang mga sarili. Silang lahat ay namatay sa niyebe dahil hindi nila alam kung sila'y patungo sa silangan, hilaga, kanluran o timog, pababa o pataas, o kung paano iyon, ang lahat ay mukhang pare—pareho.

¹⁸ Ngayon, alam ng isang patnubay kung saan siya naroon, kahit ano pa ang panahon. Siya'y—siya'y may kasangkapan upang magawa iyon. Alam niya kung ano ang kaniyang ginagawa. Alam na alam niya lahat. Kabisado niya lahat, kaya siya'y maaaring mapunta sa kadiliman at mararamdaman niya ang isang bagay.

¹⁹ Gaya halimbawa, heto ang isang matandang pamamaraan sa isang patnubay. Alam n'yo, kung inyong makikita ang mga bituwin, kahit sino ay makapagsasabi kung saan kayo patungo kung inyong pagmamasdan ang mga bituwin. At gusto nyong pagmasdan lagi ang isang tunay na bituwin. Mayroon lamang iisang tunay na bituwin, at 'yan ay ang Tala ng Hilaga. Kita n'yo, iisa lang, siya'y nananatili sa isang lugar. Iyon ay kumakatawan kay Cristo, Siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang iba'y maaaring lumihis, ngunit Siya'y nananatiling siya pa rin. Ang mga simbahan ay maaari kayong ilayo sa daang *ito*, o ang ilan ay ilayo kayo sa daang *iyon*; ngunit hindi Siya, Siya'y laging nananatiling Siya pa rin.

²⁰ Bueno, ngayon, kung hindi ninyo makita itong Tala ng Hilaga, at maulap, sa gayon kung mapapansin nyo, kung ito'y araw at kayo'y naligaw, kung inyong pagmamasdan ang mga puno. Ang puno ay palaging, ang lumot ay nasa hilagang bahagi ng puno, dahil sa ang timog na bahagi ng puno ay mas higit na nasisinagan ng araw kaysa sa hilagang bahagi. Ngunit paano kung madilim at hindi ninyo makita ang lumot? Kung ipipikit ninyo ang inyong mga mata at huwag mag—isip ng kahit ano, ipikit ang inyong mga mata at hawakan ang isang madulas na balat ng punong—kahoy, ilagay ninyo ang inyong mga kamay palibot sa puno gaya nito hangang sa ang inyong mga daliri ay magsalubong, at pagkatapos ay umikot sa punong iyon ng dahan—dahan. At kapagka nahipo ninyo sa isang lugar kung saan ang balat ay talagang makapal, uka—uka, iyan ang hilagang bahagi (ang mga hangin), at masasabi ninyo kung saan kayo papunta, sa hilaga o sa timog. At sa paraang iyan, oh, napakaraming mga bagay, ngunit kinakailangan ng mga patnubay upang malaman kung paano gawin ang mga bagay na iyon. Isa lamang karaniwang tao ang paparoon at sasabihing, “Wala akong maramdamang kaibhan dito.” Kita n'yo? Kita n'yo, ikaw ay kailangang naisanay para sa pagpapatnubay na iyan.

²¹ At ang mga batang lalaking ito, walang duda kundi sila ay mga magaling na iskaut, maaaring marunong silang magbuhol, maaaring marunong silang gumawa ng apoy sa pamamagitan ng bato, at iba pang bagay gaya 'nun. Ngunit ang malaman ang iyong daan palabas, iyan ang mithiin! Sila, hindi nila alam ang

kanilang daan palabas, kaya sa gayon silang lahat ay namatay dahil hindi sila nagsama ng isang patnubay kasama nila.

²² Isang amang walang malasakit, dalawang taon na ang nakararaan, sa Colorado, oh, siya ay umaakyat sa kabundukan, siya'y mayroong maliit na anak na batang lalaki mga anim, pitong taong gulang. Isasama niya siya sa kaniyang unang pangangaso ng usa. Kaya sila'y nagpunta sa itaas ng kabundukan, at ang munting batang lalaki ay nagsabi sa kaniyang ama, "Ako'y napapagod na."

²³ "Sumampa ka sa likuran ko. Hindi pa tayo gaanong mataas, ang mga usa ay nasa itaas." Nagpatuloy ng nagpatuloy ng nagpatuloy ang lalaki hanggang sa makarating siya... Hindi niya alam, siya'y taong taga—siyudad. Wala siyang alam tungkol sa pangangaso o kung saan pupunta. Sino mang taong nakakaalam ng anuman tungkol sa kagubatan ay nalalaman na ang usa ay hindi namamalagi sa itaas. Hindi sila pumupunta doon. Ang mga kambing ay namamalagi doon sa itaas, hindi ang usa. Sila'y nasa baba kung saan sila'y makakakain, kailangan silang pumunta kung saan mayroon silang makakain. At, kaya, ngunit inisip ng lalaking ito, "Kung ako'y makakapunta sa mga bato saanman sa itaas doon, makakahanap ako ng isang malaking usang lalaki." Siya'y nakakita ng isang larawan ng ilan na nakatayo sa—nakatayo sa isang bato, at inakala niyang doon niya ito makikita. Huwag ninyong pansinin kung ano ang nababasa sa mga magasin na iyan, naku, oh, naku, kayo'y mababangungot! Iyon, may isang bagay lamang na dapat gawin, ay magsama ng isang patnubay kung saan nalalaman ninyo kung saan kayo naroon.

²⁴ At ang amang iyon, biglang dumating ang isang ulan doon sa itaas, isa sa mga ulan na biglaang dumarating. At huling—huli na ang lalaki para nangaso, hanggang sa dumilim na at hindi na niya mahanap ang kaniyang daan pabalik. At ang... pagkatapos ang mga hangin ay umihip sa itaas ng kabundukan, at siya mismo ay kumikilos ng mabilis, at iyo'y...

²⁵ Kailangang alam ninyo kung paano makakaligtas, kung kayo'y inabutan. Mayroon pang isang bagay, alamin kung paano makakaligtas! Umakyat ako sa mga puno at nagpadausdos pababa sa mga ito, at umakyat sa mga puno at magpadausdos pababa, pataas at pababa tulad niyan, upang manatiling buhay. Nag—alis ako ng niyebe nang ito'y apat na talampakan sa bawat gilid, puputol ng isang tuod at ilalapag ito. At gutom na gutom na halos hindi ko na makaya! At babakliin ang mga matandang tuod, at sisindihan ang mga ito at hayaang uminit at matunaw ang niyebe. At pagkatapos nasa mga ala una ng umaga, alas dos, hihilain ang mga tuod, at ilalapag sa mainit na lupang iyon, para manatiling buhay. At dapat na alam ninyo kung paano gawin ang mga bagay na ito.

26 At ang lalaking ito ay hindi alam ang ginagawa, siya ay walang kasama para gabayan siya. At niyakap niya ang kaniyang sariling maliit na anak na lalaki sa kaniyang dibdib hanggang sa maramdaman niya siyang lumamig at mamatay. Walang malasakit! Kung nagsama sana siya ng isang patnubay, maaaring naisama niya siyang pabalik mula sa kabundukan kahit na ano mang oras pa noon, kita n'yo. Ngunit naghintay siya hanggang sa dumilim, sa gayon hindi niya makita ang kaniyang daan palibot.

27 Iyan ang problem sa mga Kristiyano ngayon. Ipinagpapaliban nila hanggang sa kumalat ang kadiliman, pagkatapos ay masumpungan ninyong umalis kayong hindi kasama ang Patnubay. Ang Patnubay!

28 Aba, nakakita na ba kayo ng isang taong naligaw? Mayroon na bang karanasan ang sino man na nakapagpanumbalik sa isang taong naligaw? Iyon ang pinaka—kaawa—awang bagay na inyong makikita. Kapag ang isang tao ay naligaw, siya ay nagiging mabangis. Hindi niya alam ang kaniyang ginagawa. Natagpuan namin doon ang isang lalaki, isang batang lalaki, at siya'y naligaw sa kakahuyan, at inisip na siya'y. . . Siya ay isang rantsero, ngunit siya ay nasa maling teritoryo at siya'y naligaw, nabaligtad. At nang natagpuan nila siya pagkaraan ng tatlong araw, siya ay tumatakbong tulad ng isang mabangis na tao, sumisigaw sa abot ng kaniyang tinig. Ang kaniyang bibig ay nagkasugat—sugat, at itinapon niya ang kaniyang baril at hindi na niya alam ang kaniyang gagawin. At nang ang sarili niyang kapatid na lalaki, nang. . . Kinailangan nila siyang huliin at siya'y gapusin. Nang ang sarili niyang kapatid na lalaki ay lumapit sa kaniya, nakipag—away siya sa kaniya na tulad ng isang hayop, at sinubukang kagatin siya, hindi niya alam kung saan siya naroon. Bakit? Siya ay naligaw. At kapag ang isang tao ay naligaw, siya ay nasa kalagayang pagkataranta. At hindi niya alam na siya ay nasa gayong kalagayan, dahil ang kaniyang pagkaligaw ang nagdala sa kaniya ng lagnat na ito, at hindi niya alam kung saan siya naroon at kung paano siya kumikilos.

29 Gayon din ito kapag ang isang tao ay naligaw palayo sa Diyos! Siya'y gagawa ng mga bagay na di niya karaniwang ginagawa. Siya'y gagawa ng mga bagay na—na lampas sa mga kaisipan na ginagawa ng isang tao. Isang taong naligaw palayo sa Diyos, isang iglesiang naligaw palayo sa Diyos, isang iglesia na lumayo sa Diyos, lumayo sa panuntunan ng Biblia ng Diyos, ay gagawa ng mga bagay na kung minsan ay hindi mo inaasahang makita sa isang iglesia ng buhay na Dios. Magkakamit sila ng pera sa pamamagitan ng mga larong pandaraya, paglalaro ng loterya, pagsusugal, anumang bagay na maaari nilang gawin. Ituturo nila ang kahit anong bagay, palalampasin ang kahit ano, tatapikin sa balikat ang mga taong nagbibigay ng malaking halaga sa simbahan, at iba pa

na tulad n'yan, para hayaan silang palalampasin dito. Iya'y totoo. Maglalagay ng mga diakono sa lupon na ikinasal na ng apat o limang beses, para hayaan lamang sila dito, para mapagtagpo ang mga pangangailangan. Mayroon lamang iisang pangangailangan na inyong dapat mapagtagpo, iya'y, ang inyong tungkulin sa Diyos. Tumindig at sabihin ang Katotohanan! Naligaw, ang isang taong naliligaw ay nasa naguguluhang kalagayan, siya ay taong baliw.

³⁰ Ang patnubay ay may kaunawaan, kung paano pupunta at kung ano ang gagawin. Ang Diyos ay nasa . . . Ang Diyos ay laging nagsugo ng isang patnubay sa Kaniyang mga tao. Ang Diyos ay hindi kailanman nagpabaya. Siya'y nagsusugo ng patnubay, ngunit kailangan ninyong tanggapin ang patnubay na iyan. Kita n'yo? Kailangang ninyong paniwalaan ito. Kailangan kayong magpunta sa daan na sinasabi niya. Kung kayo ay mapunta sa isang kagubatan, at ang inyong patnubay ay magsasabing "tayo ay pupunta sa daang *ito*." at gayon pa man inisip ninyong pupunta kayo sa daan *iyon*, kayo ay maliligaw. At kapag kayo . . . Ang Diyos ay nagsusugo sa atin ng isang patnubay upang patnubayan tayo, dapat nating sundin ang patnubay na iyan. Anuman ang ating palagay, anuman ang tila makatuwiran at anuman ang tila katawa—tawa, hindi natin saklaw na bahagiin iyan, tanging ang patnubay lamang.

³¹ Ang Diyos, sa Lumang Tipan, ay nagsugo ng mga propeta. Sila ay mga patnubay, sapagka't ang Salita ng Panginoon ay dumating sa propeta. Sila ay mga patnubay. Kanilang tinuruan ang mga tao katulad ng natutunan natin kagabi, tungkol kay Isaias at Uzzias. Sila'y inatasan, at kanilang tinuruan ang mga tao at pinatnubayan nila. At ngayon ang Diyos ay laging isinugo ang Kaniyang mga patnubay, hindi Siya kailanman nawalan ng isang patnubay, sa lahat ng kapanahunan. Ang Diyos ay mayroong laging isang taong kumakatawan sa Kaniya sa lupa, sa lahat ng kapanahunan.

³² Ngayon, minsan sila'y nahihwalay sa patnubay, "nahiwalay sa sinag," gaya ng tawag natin. Nang si Jesus ay narito sa lupa, hindi ba ninyo naalala sinabi ni Jesus sa mga Fariseo, "Kayong mga bulag na patnubay"? Mga bulag na patnubay, bulag sa mga bagay na espiritual. Kita n'yo? Ngayon, sila'y dapat na mga patnubay, mga patnubay sa mga tao, pinapatnubayan ang mga tao tungo sa kaligtasan. Ngunit sinabi ni Jesus, "Kayo'y bulag!" At sinabi Niya, "Pabayaang ninyo sila, sapagka't kung ang bulag ay umakay sa bulag, di ba't sila kapwa ay mahuhulog sa hukay?" Mga bulag na patnubay! Oh, gaano ang mundo ay labis na narumihan ng gayon, bulag na umaakay. Hindi Niya gusto na kayo'y magtiwala sa inyong sariling kaunawaan. Ayaw ng Diyos na kayo ay magtiwala sa inyong sariling kaunawaan o inyong kaisipan, o kahit anong kaisipang likha ng tao.

³³ Ang Diyos ay nagsusugo ng isang Patnubay, at nais ng Diyos na tandaan ninyo na iyon ang Kaniyang itinalagang Patnubay. At dapat natin Siyang alalahanin. Sinasabi Ito rito, sinabi ni Jesus, “Hindi ko kayo iiwan, nguni’t Ako’y dadalangin sa Ama at kayo’y bibigyan Niya ng ibang Mangaaliw.” At ang Mangaaliw na ito, kapag Siya’y dumating, ay papatnubayan tayo sa lahat ng Katotohanan. At ang Salita ng Diyos ay Katotohanan, at ang Salita ay si Cristo, “Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay.” Siya ang Salita, “Nang pasimula Siya ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang—tao at tumahan sa gitna natin.” Sa gayon kung susundan natin ang tunay na Patnubay, ang Banal na Espiritu, sasabihin Niya sa atin ang Kaniyang nakita, ang Kaniyang narinig, at Kaniyang ipapakita ang mga bagay na darating. Amen. Hayan kayo. Kaniyang ipapakita sa inyo ang mga bagay na darating.

³⁴ At kapagka ang mga iglesiya ngayon ay tanggihan Iyan, paano tayo makaasang makapunta sa Langit? Nang ang Banal na Espiritu ay isinugo sa atin para isang Patnubay, kukuha tayo ng isang kardinal, isang obispo, isang pangkalahatang tagapangasiwa, o isang tao tulad niyan upang patnubayan tayo, kailan na ang Banal na Espiritu ay ibinigay sa atin upang patnubayan tayo.

³⁵ At ang Banal na Espiritu ay laging ipinangungusap ang Salita. “Maraming bagay akong sasabihin sa inyo, hindi ninyo Ito mauunawaan ngayon, datapwat kapag Siya ay dumating, papatnubayan Niya kayo Rito.” Iyan ang dahilan ng pagdating ng Mga Tatak. Sa pagtatapos ng Ikapitong Tatak, ang hiwaga ng Diyos ay ganap na, upang malaman kung Sino ang Diyos, kung ano Siya, paano Siya nabubuhay, ang Kaniyang katangian, ang Kaniyang Kabuuan. Kayo dapat ay nasa dakong *ito* na sa oras na iyan, kita n’yo, dalhin tayo sa buong kapuspusan ng mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos, isang Iglesia na hinugasan sa Dugo ni Cristo, na biniling walang perang bayad, ay binayaran na sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo.

³⁶ Ngayon, heto tayo, isang Patnubay, at Siya ang inilaan ng Diyos na Patnubay. Ngayon, tayo’y naglalakbay sa isang kagubatan at tayo’y nasa ating daan kung saan, at hindi tayo makapagpapatuloy na wala ang Patnubay na ito. At mag—ingat ang sinoman na magtangkang palitan ng alin mang ibang patnubay! Kung gagawin ninyo, dadalhin niya kayo palayo sa landas. Alam ng Patnubay na ito ang daan! Alam niya bawat pulgada ng daan. Nalalaman Niya ang bawat kaisipan na nasa inyong puso. Nakikilala Niya ang bawat isa na narito. Kilala Niya kung sino kayo at ano ang inyong ginawa, at lahat ng tungkol sa inyo. Siya ang Patnubay ng Diyos, ang Banal na Espiritu, at ihahayag ang mga bagay sa inyo, at sasabihin ang mga bagay na Kaniyang narinig, kayang ulitin ang inyong mga

sinalita pabalik at sabihin ang inyong sinabi. Amen. Sasabihin kung ano kayo noon, ano ang meron kayo, saan kayo patungo. Isang Patnubay, ang tamang Patnubay, at papatnubayan Niya kayo sa lahat ng Katotohanan, at ang Kaniyang Salita ay Katotohanan.

³⁷ Ngayon, hindi kailanman gagawin ng Banal na Espiritu, ang magsasabi ng “amen” sa kung anong uri na kredo na gawa ng tao. Bibigyang—diin lamang Nito ang Salita ng Diyos, ng “amen”, ‘pagkat gayon nga Ito. Ang Banal na Espiritu ay hindi kayo pangungunahan sa alinmang ibang daan. Ngayon ang kakatwang bagay ay, na tayong lahat, lahat ng ating malalaking denominasyon at mga bagay—bagay, inaangkin natin na bawat isa pinangungunahan ng Banal na Espiritu, at mayroong kasing laking kaibhan na gaya ng sa araw at gabi sa ating lahat.

³⁸ Ngunit nang si Pablo, ang munting Fariseong iyon na nakatanggap ng Banal na Espiritu nang siya’y mabautismuhan ni Ananias, at pumaroon siya sa Arabia at nag—aral ng tatlong taon, bumalik, at hindi kailanman sumangguni sa iglesia patungkol sa anumang bagay sa loob ng labing apat na taon, at nang siya’y dumating at nakatagpo si Pedro, ang taga—pangasiwa ng iglesia sa Jerusalem, sila’y parehong pareho sa Doktrina. Bakit? Siya ring Banal na Espiritu! Kung saan si Pedro ay nagbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, gayon din ang ginawa ni Pablo nang walang sinomang nagsabi sa kaniya. Kung saan si Pedro ay nagturo ng bautismo ng Banal na Espiritu, at pagpapabanal, at iba pa; gayon din ang ginawa ni Pablo, nang hindi sumasangguni sa iglesia, dahil Iyon ay siya ring Patnubay. Kung gayun paano na tayo ngayon nang ang mga tao ay ikinakaila ang mga Katotohanang ito? Nang si Pedro ay itunuro kung ano ang ginawa niya tungkol sa pamamaraan na ang iglesiya ay dapat na mailagay sa kaayusan, si Pablo ay mayroon ding gayung Doktrina, ‘pagka’t mayroon silang iisang Patnubay.

³⁹ Ang Patnubay ay hindi dadalhin ang isa sa daang *ito*, at ang isa doon sa daan na *iyon*, at papupuntahin ang isa sa silangan at ang isa sa kanluran. Pananatilihin Niya kayong magkasama. At kung hayaan lamang natin ang Banal na Espiritu na panatilihin tayong magkakasama, tayo’y magiging isa. Kung—kung hindi lamang natin papayagan ang Diablo na hilain kayo sa maling daan, tayo’y magiging isang puso, isang kaisipan, magkasang—ayon, sa isang Espiritu, ang Banal na Espiritu, ang Patnubay ng Diyos na papatnubay sa atin sa buong Katotohanan. Iya’y tama. Nguni’t dapat ninyong sundin ang inyong Patnubay. Opo, ginoo.

⁴⁰ Tingnan n’yo si Nicodemo, kailangan niya ng isang Patnubay, gayon man siya ay isang matalinong tao. Siya ay isang tagapagturo, mga walumpung taong gulang. Siya ay kaanib sa mga Fariseo, o—o ang Korte ng Sanhedrin, ang Konseho, Kapisanan ng Mga Ministro. Siya ay isa sa kanilang mga

pinakamataas na tao, isang guro sa Israel, isang dalubhasa nito. Isipin nyo, isang dalubhasang tagapagturo! Oo, nalalaman niya ang mga kautusan, ngunit pagdating sa pagiging ipinanganak na muli, kinailangan niya ng Patnubay. Siya'y naghahangad nito. Alam niya na mayroong isang bagay na naiiba. Ang kaniyang pahayag kay Cristo nang gabing iyon ay nagpatunay dito. Pinatunayan din nito ito, ang damdamin ng lahat sa kanila, nguni't wala sa kanila ang may mismo—ang mismong kalakasan ng loob na mayroon siya. Wala sa kanila ang makaparoon at gawin ang kaniyang ginawa. Kayong lahat, na mga tao, hinahatulan ninyo si Nicodemo sa pagparoon niya ng gabi. Nakarating siya doon. Siya'y dumating. Alam ko ang ibang tao ay ni ayaw man lamang simulan, araw man o gabi. Ngunit nakarating siya doon, at nangangailangan siya ng isang Patnubay, at sinabi niya, “Guro, kami” mula sa Korte ng Sanhedrin, “Nalalaman naming Ikaw ay isang Guro na nagbuhat sa Diyos.” Bakit niya nalaman ito? Siya ay pinagtibay. Kita n'yo, gusto niyang malaman kung ano ang ibig sabihin ng bagong kapanganakan na ito, at siya'y nagpunta mismo sa Kaniya na tama, dahil sa pinagtibay ng Diyos na Ito ang Kaniyang Patnubay, si Jesus. Tingnan kung ano ang kaniyang sinabi, “Guro, nalalaman naming Ikaw ay isang Guro na nagbuhat sa Diyos, ‘pagka’t walang sinoman ang makagagawa ng mga bagay na Iyong ginagawa, maliban na ang Diyos ay sumasa kaniya.”

⁴¹ Iyon ay isang pagpapatibay doon, na mayroong isang buhay na Diyos na nasa loob niya. Kung ano ang kaniyang ipinatotoo, “Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa; ito'y ang Aking Ama na tumatahan sa Akin. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na ang anak ay hindi makagagawa ng anoman sa Kaniyang sarili; kundi kung ano ang Kaniyang nakikita na ginagawa ng Ama, gayon din ang ginagawa ng Anak. Ang Ama ay gumagawa, at Ako ay gumagawa hanggang ngayon.” Sa ibang salita, ipinakita ng Diyos sa Kaniya kung ano ang gagawin, at Siya'y nagtungo at isinagawa lamang iyon. Hindi Siya gumawa ng anumang bagay hanggang ang Diyos ang nagsabi sa kanya na gawin iyon. Amen. Iyan ay ang tunay na tahasang katotohan niyaon. Kung tayo lamang ay kumilos at maghintay hanggan sa ang Espiritu ay pakilusin tayo para gawin iyon! Iyan nga. At pagkatapos ay maging lubos na pasakop kay Cristo na hindi na Niya kayo kailangang ipagtulakan pa tulad ng ginagawa Niya sa akin, ngunit sa unang kaunting pagtango ng Kaniyang ulo, ika'y nakahanda at walang makapipigil sa iyo, dahil sa alam mo na ‘yon ay ang kalooban ng Diyos.

⁴² Kailangan niya ng isang Patnubay. Siya ay isang pinagtibay na Patnubay. Maaari siyang pangunahan ng Patnubay na ito dahil alam niya na ang Patnubay na ito ay kinasihan ng Diyos. Alam niya na ang mga tradisyon na kaniyang pinaglingkuran,

marahil sa mga Fariseo, mga Saduceo, at kahit ano pa, kanyang pinaglingkuran ang mga kredong iyon nang matagal at nakitang walang nangyari. Ngunit narito dumating ang isang Lalaki sa eksena, na nagsasabing Siya ay isang ipinangakong Mesiya ng Biblia. At Siya’y bumabaling at ginagawa ang mga gawa mismo ng Diyos. Sinabi ni Jesus, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan. Ngunit kung hindi kayo magsisampalataya sa Akin, magsisampalataya kayo sa mga gawa na Aking ginagawa, sapagkat ang mga yaon ay nagpapatotoo sa Akin.”

⁴³ Sa gayon, hindi nakapagtataakang si Nicodemo nakapagsabing, “Guro, nalalaman naming Ikaw ay isang Guro na nagbuhat sa Diyos, sapagka’t walang taong makagagawa ng mga bagay na Iyong ginagawa nang wala ang Diyos na sumasa Kaniya.” Kita n’yo, kinakailangan niya ng isang Patnubay, kahit pa siya ay dalubhasa sa bagay na iyon. Siya ay isang guro sa kaniyang iglesia. Mayroon siyang karangalan, at siya ay may—siya ay may tanyag na katayuan, at siya ay isang dakilang tao; walang duda, iginagalang ng lahat ng mga tao sa buong bansa. Ngunit pagdating sa pagiging ipinanganak nang muli, kinakailangan niya ng Patnubay! Gayun din tayo, oo, kailangan natin ng Patnubay.

⁴⁴ Si Cornelio, siya’y isang dakilang tao, isang kagalang—galang na lalaki. Nagpatayo siya ng mga bahay—sambahan. Iginagalang niya ang mga Hudyo dahil nalalaman niya na ang kanilang relihiyon ay tama. At nagbibigay siya sa abuloy, at siya ay nananalangin araw—araw, ngunit nang dumating ang Banal na Espiritu (Isang Bagay na naidagdag sa iglesia), kinakailangan niya ng Patnubay. Isinugo ng Diyos sa kaniya ang Banal na Espiritu. Isinugo Niya Ito sa katauhan ni Pedro, “Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga Salitang ito, ay bumaba ang Banal na Espiritu sa kaniya.” [Blangkong bahagi sa teyp – Pat.] Ginamit ng Diyos ang Patnubay sa pamamagitan ni Pedro. Ginamit niya Ito, dahil pinatnubayan Niya si Cornelio sa tamang daan. At samantalang siya’y nagsasalita pa, ay bumaba ang Banal na Espiritu sa kanila na mga Gentil. Pagkatapos sinabi niya, “Mangyari bagang hadlangan ng sinoman ang tubig, upang huwag mangabautismuhan ang mga ito?” Kita n’yo, ang Patnubay pa rin ang nangungusap, hindi si Pedro. Dahil ang mga iyon ay isang grupo ng mga Hudyo. . . o mga Gentil, “karumaldumal, marumi” para sa kaniya, at ni hindi niya gustong pumunta. Ngunit sinabi ng Patnubay, “Isinusugo kita.” Gagawa kayo ng mga bagay na hindi ninyo iniisip na gagawin, kapag ang Patnubay ay nagkaroon ng lubos na kapamahalaan, kapag pinahintulutan nyo Siyang gabayan kayo. Oh, sadyang kamangha—mangha ang mapangunahan ng Banal na Espiritu. Siya ang Patnubay. Mabuti. Nangusap Siya sa pamamagitan ni Pedro at sinabi sa kaniya kung ano ang dapat niyang gawin.

Pagkatapos nang silang lahat ay makatanggap ng Banal na Espiritu, sinabi niya “Hindi natin maaaring hadlangan ang tubig, yamang nalalaman natin na ang mga ito ay nagsitanggap ng Banal na Espiritu gaya naman natin nang una.” At kanilang binautismuhan sila sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Ngayon, sino ang nanguna sa kaniya para gawin iyan? Ang Patnubay na nasa kaniya. Hindi ba sinabi sa kanila ni Jesus, “Huwag ninyong ikabalisa kung ano ang inyong sasabihin, sapagkat hindi kayo ang siyang nagsasalita; iyon ay ang Ama na nananahan sa inyo, Siya ang magsasalita?” Amen.

⁴⁵ Ang bating, dumarating mula sa Jerusalem. At ang Diyos ay may Patnubay sa mundo sa panahong iyon, ang Banal na Espiritu, at mayroon Siyang isang lalaki doon na puspos ng Patnubay na ito. Ni hindi siya isang mangangaral, siya ay tulad lamang sa isang diakono. At siya’y naroon nagpapagaling ng may karamdaman, at nagpapalayas ng mga diablo, at nagdudulot ng malaking pagkagising, napakalaking kagalakan ang nasa siyudad. May daan—daang tao ang nakapalibot sa kaniya, at sinabi ng Patnubay, “Iya’y sapat na, magtungo tayo sa daang ito.” Hindi siya nakipagtalo sa kaniyang Patnubay.

⁴⁶ Huwag na huwag makikipagtalo sa Salita ng inyong Patnubay. Sumunod sa Kanya. Kung hindi kayo susunod, kayo ay maliligaw. At, tandaan, kapag iniwan ninyo Siya, kayo’y nag—iisa, kaya gusto nating maging malapit sa Patnubay.

⁴⁷ Kaya sa daan, sinabi Niya, “Iwan mo ang grupong ito ngayon, Felipe, at pumaroon ka sa disyerto kung saan walang sino man doon. Ngunit isinusugo kita doon, at mayroong isang tao doon kapag nadala na kita roon.” Narito paparating ang isang mapanglaw na bating, siya ay isang dakilang lalaki sa reyna doon sa Etiope. Kaya siya’y dumarating, binabasa ang Aklat ni Esaias. At sabi ng Patnubay, “Lumapit ka sa karo.”

At sinabi niya, “Nauunawaan mo ba ang binabasa mo?”

⁴⁸ Sabi niya, “Paano ko mauunawaan kung walang taong papatnubay sa akin?” Oh, naku! Ngunit na kay Felipe ang Patnubay. Amen. At sinimulan niya sa Kasulatan ding yaon, at ipinangaral sa kaniya si Cristo. Amen. Patnubay! Hindi sabihin sa kaniya ang ilang kredo, sinabi niya sa kaniya ang patungkol sa Patnubay, si Cristo! At kanyang binautismuhan siya doon sa ilang tubig. Tiyak, gayon nga. Oh, gaano ko ka—gusto ‘yon!

⁴⁹ Nang lisanin ng Israel ang Ehipto patungo sa lupang ipinangako, sa Exodo 13:21, alam ng Diyos na hindi pa sila kailanman naglakbay sa daan iyon noon. Iyon ay apatnapung milya lamang, ngunit gayun pa man ay kailangan nila ng isang bagay na sasama sa kanila. Maliligaw sila sa kanilang daan. Kaya Siya, ang Diyos, ay nagsugo sa kanila ng Patnubay. Sa Exodo 13:21, bagay na tulad nito, “Isinusugo Ko ang Aking Anghel sa unahan ninyo, ang Haliging Apoy, upang panatilihin

kayo sa daan,” upang patnubayan sila papunta sa lupang ipinangako na ito. At ang mga anak ng Israel ay sumunod sa Patnubay na iyon, ang Haliging Apoy (gabi), Ulap sa araw. Kapag Ito’y huminto, sila’y humihinto. Kapag Ito’y naglakbay, sila’y naglalakbay. At nang mailapit Niya sila sa lupain, at sila’y hindi handa upang pumaroon, pinangunahan Niya sila pabalik muli sa ilang. Ayaw Niya silang samahan.

⁵⁰ Ganiyan nga ito, ang iglesia ngayon. Walang duda ngunit anong haba ng pagbabata ng Diyos ngayon, katulad nang mga araw ni Noe, ang iglesia ay matagal na sanang nakaalis kung ito lamang ay naituwid at nailagay sa ayos. Ngunit kinailangan Niya tayong pangunahan paikot at paikot at paikot.

⁵¹ Hindi nalalaman ng Israel, nang sila ay naghihiyawan, sa nakitang mga patay na sundalo ng Ehipto, ang mga nalunod na kabayo, mga karuwahe ni Faraon na nangataob, nakamit nila ang kanilang tagumpay, si Moises na nasa Espiritu, umaawit sa Espiritu, si Miriam na sumasayaw sa Espiritu, at ang mga anak na babae ng Israel ay nagsisipagtakbo pabalik—balik sa pampang, naghihiyawan at nagsasayawan, sila’y ilang araw lamang mula sa gatas at pulot. Hindi nila alam na iyon ay apatnapung taon ang layo, dahil sila’y nasimulang magreklamo sa Diyos at sa Patnubay.

⁵² At nasumpungan natin ang ating sarili sa gayon ding kalagayan. Ako’y pupunta sa Shreveport pagkatapos rito. At ang Banal na Espiritu ay bumaba nang Araw ng Pasasalamat, limampung taon na ang nakararaan, sa—sa Louisiana, sa Araw ng Pasasalamat. Labis ang pagkahulog ng iglesia mula nang panahong iyon! Nalalaman ba ninyo na ang iglesiya Romano Katoliko sa kaniyang pasimula ay siyang iglesiya pentecostal? Iyan ang katotohanan. Iya’y tama. Ito noon ay isang iglesiya pentecostal, ngunit ang mga pormal na mga matataas na tao ay nagsimulang makapasok at pinalitan ang—ang mga Kasulatan ng Diyos ng kanilang mga tradisyon, idinagdag Dito ang mga dogma, at iba pa. At tingnan kung anong mayroon sila ngayon, wala ni katiting na Kasulatan sa anuman dito. Kanilang pinalitan ang isang bagay ng iba pang bagay, isang pirasong tinapay kapalit sa Banal na Espiritu. Kanilang ipinalit ang pagwiwisik para sa paglulubog. Kanilang ipinalit ang “Ama, Anak, at Banal na Espiritu” para “sa Panginoong Jesus Cristo.” Kanilang pinalitan ang lahat ng mga dakilang lathala ng Diyos na inilatag sa atin, at sila’y malayo, napakalayo, malayong—malayo mula sa Doktrina na ayon sa Kasulatan.

⁵³ At bumaba ang Pentecostes sa Louisiana, limampung taon na ang nakararaan, at kung ito’y mananatili pa ng panibagong dalawang daang taon, ito’y magiging mas malayo pa kaysa sa iglesiya Katoliko, kung ito’y magpapatuloy pagkakahulog sa paraan na mayroon ito nitong mga nakaraang limampung taon, ‘pagka’t palagi lamang silang nagdaragdag dito, patuloy. Ang

mga makalumang mangangaral ay wala na. Ang mga pagtitipon sa mga lansangan, wala ka nang marinig ni isa. Lahat ng bagay na mayroon tayo ay isang bungkos ng Hollywood na idinagdag dito, mga kababaihan na maigsi ang mga buhok na nakasuot ng mga korto, pininturahang mukha, at lahat na, tinatawag ang kanilang sarili na mga Kristiyano. Ilang lalaking mahihilig sa mga kalayawan na may gitara, tatakbo pabalik—balik sa lugar, at mga kababaihan na nakadamit ng napakasikip tulad ng isang . . .tulang lamang ng isang binalatang lungganisa na ang—ang balat ay nakalabas, halos, pakendeng—kendeng sa entablado, tumatakbo pabalik—balik sa entablado, sumasayaw na may nakabitin na hikaw sa tainga, at isa sa mga ito na bagong binibini—ng—lupain na gupit, pagkatapos tatawagin ang sarili nito na Kristiyano.

⁵⁴ Ang kailangan natin ay isang makaluma, sugo ng Diyos, nakakapasong relihiyon na papaso sa kamunduhan na iyon palabas sa iglesia. Kailangan nating manumbalik sa Banal na Espiritu at apoy, pabalik sa bagay na sumusunog sa basura palabas, ipinapanumbalik ang makalumang pangangaral, itinataas ang Kalangitan, at ang impyerno’y pinapainit, nagtutuwid. Kailangan natin ang ganyang uri ng pangangaral. Ngunit gawin mo ito ngayon, paaalisin ka ng iyong kongregasyon.

⁵⁵ Kung minsan ang mga mabubuting mangangaral ay naililigaw ng kanilang kongregasyon. Iyan ang dahilan na wala akong denominasyon. Mayroon akong isang himpilan, iya’y mula sa Langit. Saan man Siya magsugo, paroroon ako. Anuman ang Kaniyang sabihin, ay sasabihin ko. Ayaw natin ng denominasyon. Ang iglesiang ito ay mangusap kailanman patungkol sa denominasyon, nawala na ninyo ang inyong pastor sa oras na iyon. Hindi ako mananatili kasama nito, hindi isa mang limang minuto. Bawat iglesia na naging denominasyon ay napunta sa binhi, at magsabi kayo sa akin ng isa na hindi napunta doon, at magsabi kayo sa akin ng isa na nakabangon muli. Ang Banal na Espiritu ay isinugo upang pangunahan ang iglesia, hindi isang grupo ng tao. Ang Banal na Espiritu ay lahat ng karunungan. Ang mga tao ay nagiging pormal, walang bahala.

⁵⁶ Sinabi ng Diyos sa kanila na magsusugo Siya sa kanila ng isang Patnubay. Pangungunahan Niya sila sa daan. At hanggat sinusundan nila ang Haliging Apoy na iyan, sila ay mabuti. Pinangunahan Niya sila sa pintuan ng lupang pangako, at pagkatapos ganiyan na lamang kalayo ang Kaniyang mapapapuntahan. Pagkatapos si Josue, ang dakilang mandirigmang iyon, natatandaan ninyo ang araw na sinabi niya sa kanila, “Linisin ninyo ang inyong sarili, sa ikatlong araw ay bubuksan ng Diyos ang Jordan sa dakong ito at tayo ay tatawid”? Ngayon masdan kung ano ang sinabi niya (gusto ko

ito) sa Kasulatan, sinabi niya, “Manatiling malapit sa likuran ng Kaban, sapagka’t hindi pa ninyo nadaanan ang daan na ito noon.”

⁵⁷ Ano ba ang Kaban? Ang Salita. Huwag tahakin ang maka—denominasyon ninyong ruta ngayon, manatili mismo sa likuran ng Salita, ‘pagkat hindi pa ninyo nadaanan ang daan na ito noon. At, kapatid, kung mayroon mang panahon na dapat saliksikin ng iglesiang Kristiyano ang sarili nito, ay ngayon na. Tayo’y narito na ngayon kung saan ang malaking pagpupulong ay nagaganap sa Roma ngayon mismo, ang mga hidwaan ay tinatapos na, ang kalipunan ng mga iglesia, kapag lahat ng mga denominasyong ito ay nagsamasama upang buuhin ang imahen ng halimaw, tulad lamang kung anong sinasabi ng Biblia. At alam ninyo kung ano ang sinabi namin kaninang umaga sa mga Mensahe. At narito tayo, lahat ng bagay mismo ay nasa mismong pintuan na, at ang mga tao ay sumusunod pa rin sa kredo. Mas mabuting manatili kayo sa likuran ng Salita! Ang Salita ay pangungunahan kayo patawid, dahil ang Salita ay si Cristo, at si Cristo ay Diyos, at ang Diyos ay ang Banal na Espiritu.

⁵⁸ Manatili sa likuran ng Salita! Oh, opo, ginoo! Manatili kasama ng Patnubay na iyan. Manatili mismo sa likuran Nito. Huwag pupunta sa harapan Nito, manatili kayo sa likuran Nito. Hayaang pangunahan kayo Nito, huwag ninyong pangungunahan Ito. Hayaan ninyo Itong manguna.

⁵⁹ Sinabi ni Josue, “Ngayon, hindi pa ninyo nadaanan ang daan na ito noon, wala kayong anumang alam tungkol sa daan.”

⁶⁰ Iyan ang problema ngayon. Hindi ninyo kailangan ng patnubay upang patnubayan kayo sa maluwang na daan. Oh, alam ninyo ang lahat ng mga eskinita at lahat ng bagay. Alam ninyo ang lahat ng daan patungo sa kasalanan. Walang. . . Oh, kayo’y nanatili diyan nang mahabang panahon na. Hindi na kailangan ang sino man na magsabi sa inyo tungkol diyan, alam ninyo lahat ang mga madaling daan. Iya’y tama, lahat ng kasalanan, alam ninyo ang lahat tungkol dito. Walang sinuman ang kailangang magsabi sa inyo kung paano ang magnakaw; alam ninyo iyan. Walang sinumang kailangang magsabi sa inyo kung paano magsumpa; alam ninyo iyan. Walang sinuman ang kailangang magsabi sa inyo kung paano gawin ang mga masamang bagay na ito, dahil nakapaskil ito sa bawat puno sa lahat ng dako.

⁶¹ Ngunit, alalahanin, kayong mga taong Kristiyano, kayo’y nakatawid na. Kayo’y nasa iba ng Lupain. Kayo ay ipinanganak na muli. Kayo’y nasa Lupain, isang Makalangit na Lupain. Kayo’y nasa Lupang pangako.

⁶² Kayo’y makakatingin, alam ninyo ang inyong daan sa palibot dito. Oh, naku, oo. Alam ninyo kung ano—ano, kung paano papanalunin ang hawak na baraha. Alam ninyo kung ano ang

dais, kapag ito'y gumulong, kung ano ang ibig sabihin nito, at lahat ng bagay na tulad niyan. Ngunit pagdating sa pagkaalam sa kabanalan at ang katuwiran at ang kapangyarihan ng Diyos, at kung paano kumikilos ang Banal na Espiritu at kung ano ang ginagawa Nito, mas mabuting manatili kayo mismo sa likuran ng Salita, ang Patnubay. Kita n'yo? Hindi pa ninyo nadaanan ang daan na ito noon.

⁶³ Bueno, sinasabi ninyo, "Ako ay napakatalinong tao, ako'y may—ako'y may dalawang digri sa kolehiyo." Mas mabuting kalimutan mo ito. Opo, ginoo.

⁶⁴ "Ako'y nanggaling sa seminaryo." Mas mabuting kalimutan mo ito. Oo. Mas mabuting manatili ka sa likuran ng Patnubay. Hayaang Siya ang manguna sa iyo. Alam Niya ang daan: hindi mo alam. Hindi ka pa nakadaan sa daan na ito noon. "Bueno," sasabihin mo, "sila'y nakaraan na."

⁶⁵ Tingnan kung nagawa na nga nila. Sinabi ni Jesus, "Ang mga nakadaan na sa daang ito, ang mga tandang ito ay susunod sa kanila. Sa Pangalan Ko, magpapalayas sila ng mga diablo, magsasalita ng mga bagong wika; o magsisihawak ng mga serpente o makakainom ng mga bagay na nakamamatay, hindi iyon makakapanakit. Kung kanilang ipapatong ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y magsisigaling." Karamihan sa kanila ay tumatangi Dito, ikinakaila Ito, nagsasabing ni hindi ito kinasihan. Hindi nila sinusundan ang Patnubay. Sila'y sumusunod sa isang kredong gawa ng tao. Mas mabuting manatili kayo sa likuran ng Salita, dahil hindi pa kayo nakadaan sa daang ito, alam n'yo.

⁶⁶ Ngunit kayo'y ipinanganak nang muli, at kayo'y ipinanganak na sa kabanalan. Hindi pa kayo nakadaan sa daan na ito noon. Kayo'y naka—. . . Kung kayo'y dadaan sa daang ito, kailangan kayong dumaan sa kabanalan, dahil sa ito'y isang bagong Lupain, isang bagong Buhay, isang bagong bayan.

⁶⁷ Kayo'y pupunta sa bahay—sambahan at makaririnig kayo ng isang titindig, hihiyaw, "Luwalhati sa Diyos! Alleluya!"

⁶⁸ Aba, sasabihin ninyo, "Naku, pambihira, hindi nila kailanman ginawa iyan sa aking simbahan! Ako'y tatayo at aalis!" Kita n'yo? Mag—ingat.

⁶⁹ Manatili sa likuran ng Salita, ngayon, hayaan ang Patnubay na pangunahan kayo. "Kanya kayong papatnubayan sa lahat ng Katotohanan, at ihahayag ang mga bagay na ito na ipinangusap ko sa inyo. Kanyang ipapakita sa inyo iyon. Kaniyang sasabihin sa inyo ang mga bagay na darating," ang tunay na Patnubay. Huwag kayong pupunta sa obispo; pumunta kayo sa Patnubay. Huwag kayong pumunta sa kahit kanino kundi sa Patnubay. Siya ang Siyang isinugo upang patnubayan kayo. Siya ang Siyang gagawa nito. Ang Diyos ay naglaan sa inyo ng Patnubay. Tanggapin ang inilaang daan ng Diyos.

⁷⁰ Ang problema nito sa ngayon, na ang mga taong pumupunta sa simbahan ay uupo lamang ng ilang minuto, isang bagay ang mangyayari na hindi nila nakasanayan.

⁷¹ Humanga ako sa isang munting babae mula sa isang malamig na pormal na iglesia, kapapanalangin lamang para sa kaniya. Pagagalingin ng Diyos ang munting babae. Hindi niya nauunawaan ito. Wala siyang alam tungkol dito. Siya'y dumating, sinabi niyang hindi niya alam. Ngunit sinabi ko sa kaniya, "Halika at makipagkita sa akin." Siya ay medyo mahiyain at mahina, ngunit ang Patnubay ay patuloy na sinasabi sa kaniya, "Magpatuloy ka." Nakamit niya iyon. Iyan 'yon. Kita n'yo, ito'y dahil sa ang Banal na Espiritu na pumapatnubay sa atin sa mga bagay na ito. Kita n'yo, ang Diyos ay may inilaang daan.

⁷² Inyo na bang. . . Napapansin ba ninyo ang mga mailap na gansa na nagtutungo, mga patong nagtutungo sa timog? Bueno, ngayon alalahanin, ang munting matandang pato na iyan ay isinilang doon sa isang lawa sa isang lugar. Hindi niya alam ang silangan, hilaga, kanluran, at timog. Wala siyang alam kundi ang lawang iyon na naroroon sa mga kabundukan ng Canada. Hindi pa siya umalis sa lawa na iyon, ngunit siya'y isinilang na tagapanguna. Ang munting lalaking pato na iyan ay isinilang na isang tagapanguna. At ang unang bagay, isang gabi may malaking niyebe na dumating doon sa itaas ng kabundukan. Ano ang nangyari? Ang malamig na simoy ng hangin ay dumating doon. Aking nakikini—kinita na siya ay nanginginig, sinasabing, "Inay, ano ang ibig sabihin nito?" Kita n'yo, hindi pa siya kailanman nakaramdam nang ganung kalamig na panahon noon. Nasimulan niyang mapansin ang paligid, nasimulan niyang mapansin ang palibot ng dulo ng lawa, nagsisimula na itong mag—yelo, nagkakayelo na ang lawa. Hindi niya nalalaman, ngunit biglang—bigla. . . Siya'y isinilang upang maging isang patnubay sa kawan ng mga patong iyon. Siya'y tatalon sa gitna mismo ng lawang iyan kapagka ito'y dumating sa kaniya. Inyong tawagin iyon na kung anong gusto nyong itawag. Tinatawag natin itong inspirasyon, o maaari mo itong tawaging, oh, likas na ugali lamang, maging anuman ito. Siya'y tatalon mismo sa gitna ng lawa na yaon, itataas ang maliit na pangkakak na iyon sa hangin, at maunang, "Kakak—kakak, kakak—kakak!" At bawat pato sa lawa na iyon ay lalapit kaagad sa kaniya. Bakit? Kilala nila ang kanilang tagapanguna, sa paraan lamang ng kaniyang pagkakak.

⁷³ "Kung ang trumpeta ay magbigay ng isang hindi tiyak na tunog, sino ang makapaghahanda ng kaniyang sarili para sa labanan?" Tama. Sino ang makapaghahanda ng kaniyang sarili para sa labanan kung ang trumpeta ay magbibigay ng hindi tiyak na tunog?

⁷⁴ Bueno, kung ang munting pato na iyan ay magbigay ng hindi tiyak na kakak, sino ang maghahanda sa kaniyang sarili sa paglipad? Ang munting matandang pato na iyan ay itataas ang kaniyang maliit na tuka doon, at hihiyaw, “Kakak—kakak, kakak—kakak!” at bawat mumunting pato ay lalapit sa kaniya. “Kakak—kakak, kakak—kakak!” Heto na sila. Ano’ng kasiyahan mayroon sila, doon mismo sa gitna ng lawa na iyan, paikot lamang ng paikot ng paikot. Maya—maya ay mararamdaman niyang kumikilos iyon sa kaniya, kailangan siyang umalis. Kaniyang iaayos ang kaniyang mumunting mga pakpak at lilipad paalis sa lawa na iyan, lilipad sa himpapawid at iikot ng apat o limang beses, at pupunta tuloy—tuloy sa Louisiana sa abot ng kaniyang makakayang puntahan, bawat pato ay nasa kaniyang likuran. “Kakak—kakak, kakak—kakak,” heto na siya. Bakit? Siya’y isang Patnubay! Amen! Kilala ng mga pato ang kanilang patnubay, ang iglesia ay hindi. Oo, alam niya kung ano ang gagawin.

⁷⁵ Tingnan nyo silang mga gansa, mula doon sa Alaska. Ngayon, mayroong isang matandang lalaking gansa na laging nangunguna sa kanila, at silang mga gansa ay kailangang tingnang mabuti ang lalaking gansa na iyan. Dapat nilang alamin kung ano ang sinasabi ng lalaking gansa na iyan. Nabasa ba ninyo iyan sa magasin na *Look* dito mga apat na taon na ang nakalipas, kung saan ang isang matandang lalaking gansa minsan ay hindi alam kung ano ang kaniyang ginagawa, at pinangunahan niya ang isang lupon ng mga gansa tuloy—tuloy hanggang sa Inglatera? Iya’y tama. Hindi nila kailanman alam ang mapasa Inglatera noon. Bakit? Hindi nila na napansin ang kanilang—kanilang tagapanguna. Ang matandang gansang lalaki na iyon ay hindi alam ang kaniyang pupuntahan. At ngayon sila’y naroon at hindi makabalik.

⁷⁶ Iyan ang nangyayari sa maraming mga gansa ngayon, sila’y patuloy pa rin silang nagtitipon. Sinasabi nila, sinabi ng *Look* magasin na iyan, ang mga gansang ito ay nagkukulumpon at lumilipad sa palibot ng Inglatera, ngunit hindi nila alam kung paanong bumalik. Ganyan din ang nangyayari sa ilang mga *gansa* na nalalaman ko. Mayroon kayong pagkukulumpon, at isang malaking matagalang pagtitipon, at aanyayahan ang isang rebaybalista at mangaral ng ilang sandali, ngunit hindi ninyo alam kung saan kayo pupunta. Nagkukulumpon paikot—paikot, dahil mayroon kayong isang lalaking gansa upang pangunahan kayo sa isang denominasyonal na katuwaan; at hindi pabalik sa Salita ng Diyos, pabalik sa bautismo ng Banal na Espiritu. At pagkatapos nagtataka tayo kung bakit walang nagaganap na rebaybal sa ating mga araw. Kita n’yo? Kailangan ninyong makuha ang tiyak na Tunog na iyan! Ang Tunog na iyan ay ang trumpeta ng Ebanghelyo na inihahayag ang Ebanghelyo, bawat Salita ng Diyos. Hindi kredo, hindi denominasyon; kundi ang

Biblia, ang Banal na Espiritu. “Ang mga tandang ito ay lalaking sa mga magsisisampalataya.” Kita n’yo? At hayon sila sa daan.

⁷⁷ Isang matandang lalaking gansa minsan, sinabi nila, napatay ang isang lupong ng mga gansa, sinisikap paliparin sila sa kadiliman, hindi alam sa kung saan siya pupunta, siya mismo, at silang lahat ay bumangga doon sa mga kabundukan, at ilan sa kanila ay nagkaluray—luray, sumambulat. Tiyak! Dapat nilang malaman ang kanilang tiyak na tunog. Ang munting matandang pato na iyon, kung taglay niya ang tiyak na tunog at lahat ay nalalaman ito, mayroon silang munting kasayahang pagkakarumon at sila’y palayong papunta sa timog. Para sa ano ang kanilang pagtungo doon? Sa kung saan hindi malamig.

⁷⁸ Ngayon, kung ang Diyos ay nagbigay sa isang pato ng sapat na pang—unawa upang malaman kung paano iwasan ang kalamigan, gaano pa kaya Niyang bigyan ang iglesia? Kung ang isang pato ay magagawa iyan sa pamamagitan ng likas na ugali, paano naman ang Banal na Espiritu sa iglesia? Dapat Nitong pangunahan tayo palayo sa lumang mga pormalidad at mga kredo at mga bagay, patungo sa isang maluwalhati, kamangha—manghang bautismo ng Banal na Espiritu. Ito’y magdadala ng kagalingan, kaalaman, pagtitiis, kabanalan, at ang Banal na Espiritu. Iyan ang pangunguna ng tunay na Patnubay, ‘pagka’t Siya’y walang ipahahayag kundi ang Ebangheliyo, ang Salita ng Diyos lamang. Tiyak, kailangan ninyo ng Patnubay!

⁷⁹ Nang, ang mga lalaking pantas, wala silang nalalaman patungkol sa Diyos. Sila ay mga—sila ay mga nagsasalamangka, mga salamangkero. Sila ay naroon sa mga silanganan. Alam ninyo, ang sabi ng Biblia, “Nakita namin ang Kaniyang Bituin sa Silangan, naparito kami upang sambahin Siya.” Sila ay galing sa kanluran, sila ay tumingin sa silangan at nakita ang Kaniyang Bituin. . . o tumingin sa kanluran, sila ay nasa Silangan. Tayo ay nasa Silangan, at nakita ang Kaniyang Bituin sa kanluran. Kita n’yo? “Nakita natin ang Kaniyang Bituin sa Silangan.” At, kita n’yo, sila ay nasa Silangan. “Nang kami ay nasa Silangan nakita namin ang Bituin, at naparito kami upang sambahin Siya.”

⁸⁰ Aking nakikini—kinita ang mga lalaking iyon na naghahanda sa pag—alis. Nakikini—kinita ko ang isa sa kanilang mga asawa ay nagsabi sa kaniya, sabi, “Sasabihin, ang lahat ay naka—empake na, ngunit nasaan ang iyong kompas.”

Sabi niya, “Ako’y—hindi ako gagamit ng kompas ngayon.”

⁸¹ Sabi, “Paano ka makakatawid sa mga kabundukan?” Alalahanin, kailangan nilang tawirin ang Ilog Tigris at bababa sa mga kapatagan, at, aba, naglakbay sila ng dalawang taon sakay ng mga kameliyo. Paano nila magagawa iyon? Sabi, “Aba, hindi man lang kayo magdadala ng kompas.”

Sabi, “Hindi.”

“Paano kayo pupunta?”

82 “Pupunta ako sa kaparaanan na inilaan ng Diyos. Ang Bituin na iyon doon ay pangungunahan ako sa Haring iyon.” Iyon ‘yun.

83 “Nakita namin ang Kaniyang Bituin sa Silangan, at sinundan Ito hanggang dito sa kanluran, upang sambahin Siya. Nasaan Siya?” Sinundaan nila ang kaparaanan na inilaan ng Diyos. Natali sila sa isang bungkos ng mga kredo doon sandali. Dumating sila sa Jerusalem at nagsimulang nagpalakad—lakad sa lansangan, ang mga taong ito na nadaramtan ng pinakamainam, nagsasabing, “Nasaan Siya? Nasaan Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo?” Bueno, iyan ang ulo, iyon ang Jerusalem. Tiyak na ang malaking iglesia ay may nalalaman tungkol Dito. “Nasaan Siya? Nasaan Siya na isinilang na Hari ng mga Hudyo? Nakita namin ang Kaniyang Bituin sa Silangan, naparito kami upang sambahin Siya. Nasaan Siya?”

84 Aba, nagpunta sila doon kay pastor *Ganito—at—ganoon* at sa kay punong saserdoteng *Ganito—at—ganoon*, wala sa kanila ang nakakaalam patungkol Dito. “Aba, mayroong Isang isinilang na Hari ng mga Hudyo, nasaan Siya?” Hindi nila alam.

85 Ngunit mayroong isang grupo ng mga pastol doon sa tabi ng burol na nagkakasayahan, opo, ginoo, dahil sila’y dumaan sa kaparaanan na inilaan ng Diyos.

86 Kaya sila’y nanatili doon, at pautos niyang sinabi, “Sasabihin ko sa inyo kung ano ang dapat nating gawin, dapat tayong magkaroon ng isang sangguniang pagpupulong.” Kaya tinawag nila ang Konseho ng Sanhedrin, at—at inisip kung may narinig silang anuman tungkol Dito. “Hindi, wala kaming nalalamang anuman tungkol Dito.”

87 Ganyan din naman ito ngayon. Sila ay walang nalalamang anuman tungkol sa Patnubay na ito, ang Banal na Espiritu na ito na nagpapagaling, nagpupuspos, nagliligtas, babalik na muli. Ang Patnubay na nagsabi sa atin ng lahat ng mga bagay na nangyari, heto tayo mismo sa kalagitnaan nila. Isang umaaninaw ng mga kaisipan ng puso; wala silang nalalamang anuman tungkol Diyan, tinatawag nila Itong pagbabasa ng kaisipan o isang bagay. Hindi nila alam kung ano ang sasabihin patungkol Dito.

88 Kaya, nakita n’yo, ang mga lalaking pantas na iyon, hangga’t. . .Tandaan, nang sila’y pumasok sa Jerusalen, ang Bituin ay nawala. At hangga’t ikaw ay tumitingin sa mga kredo at sa isang taong makadenominasyon upang pangunahan ka papunta sa Diyos, ang tulong ng Diyos ay iiwan kayo. Ngunit nang sila ay nagsawa at napagod dito, at iniwan nila sila, iniwan ang mga kredo at mga denominasyon ng mga Hudyong iyon, at lumabas sa Jerusalem, sa gayon ang Bituin ay muling nagpakita at sila’y nagalak ng umaapaw na kagalakan. Nakita nilang muli ang Patnubay! Oh, paano ito, magpunta sa isang luma malamig na pormal na iglesia, pagkatapos magbalik sa isang mainam na

umaalab, nakikita ang Patnubay na nangunguna, anong kaibhan nga ito! Oo, “Nakita namin ang Kaniyang Bituin sa Silangan at pumarito upang sambahin Siya.”

⁸⁹ Si Josue ay nagsabi sa kanila, “Ngayon sundan ninyo ang Kaban, ‘pagkat hindi pa kayo nakadaan sa daan na ito noon.” Hindi pahihintulutan ng Diyos ang Kaban na iyon na magpunta kahit saan kundi sa tama. Bawat isa ay sumunod Dito, at Ito’y tumawid mismo sa Jordan.

⁹⁰ Ganyan din ngayon, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Opo, ginoo. Ang tanging bagay na alam natin, kung ito nga’y ang Banal na Espiritu o hindi, makikita natin ang mga pagha . . . mga pagpapahayag Nito, ang mga paghahayag na nagpapatunay sa Salita ng Diyos.

⁹¹ Ngayon, hindi pa katagalan, isang grupo ng mga kapatiran ay may dugo at langis, at iyan ay walang anuman kung nais nilang gawin sa ganyang paraan. Ako’y . . . Iyan ay hindi isang pagpapatunay para sa akin. Ito’y isang pagpapatunay ng Kasulatan, kita n’yo, hangga’t pinatutunayan nito kung ano ang sinabi Diyos, iya’y mabuti. Sinabi nila, “Ito ang dahilan na mayroon kang Banal na Espiritu, mayroon kang langis sa iyong kamay.” Ngayon, ako’y—hindi ako makakaayon diyan. Kita n’yo? Hindi ako naniniwala na ang langis ay may anumang kinalaman dito. At kung ang dugong iyan ay makapagpapagaling at kaligtasan, ano ang nangyari sa Dugo ni Jesus Cristo? Kung ang langis na iyon ay nagpapagaling, paano naman ang kaniyang mga latay? Kita n’yo? Kita n’yo?

⁹² Nais kong ang Patnubay ay pumarito, na magdadala sa inyo sa Katotohanan ng Salita, sa gayon ay nalalaman ninyo na kayo’y nakasentro at kayo’y nakahanda na para sa pagbilang pababa. Iya’y tama, naghahanda upang lumipad palayo. Opo, ginoo. Oo, dahil bakit? Ang Patnubay ang Siya Mismong magsasakatuparan nito.

⁹³ Mayroon akong Kasulatan dito, naibigay ko na ang mga Kasulatang ito, ngunit nais kong basahin ang isang ito. Ito’y sa Ikalawang Pedro, sa ika—1 kabanata, ika—21 talata.

Sapagka’t . . . hindi sa kalooban ng tao dumating ang mga hula kailanman: kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Diyos, na nangaudyokan ng Banal na Espiritu.

⁹⁴ Paano dumating ang hula? Hindi sa kalooban ng tao, denominasyonal na mga kredo; kundi sa kalooban ng Diyos, nang ang mga taong banal ay nangaudyokan ng Espiritu Santo. Siya na ang Patnubay ng Diyos noon pa man. Iyon ang Banal na Espiritu na nasa Haliging Apoy na iyon, iyon ang Banal na Espiritu, sinumang tao ay nalalaman na iyon ay si Cristo. Nilisan ni Moises ang Ehipto, ipinalagay ang kadusataan ni Cristo kaysa sa labis na kayamanan ng Ehipto. Si Cristo mismo. Bueno, nang sila’y nagtinding doon at nagsasabing, “Bueno, sinasabi Mo na

Ika'y . . . Aba, hindi Ka pa hihigit sa limampung taon, at sinasabi Mong nakita Mo si Abraham?"

⁹⁵ Sinabi Niya, "Bago pa si Abraham, ay AKO NGA." Si AKO NGA ang Siyang nakipagkita kay Moises sa Haliging Apoy sa nagliliyab na punong—kahoy. Opo, ginoo. Siya ang Diyos na nagkatawang tao. Hindi ikatlong persona; siya ring Persona na nasa ibang katungkulan. Hindi tatlong mga diyos; tatlong katungkulan ng iisang Diyos. Tama.

⁹⁶ Mabuti, ngayon, ang Kasulatan. Palagi, kapag ang Diyos ay naglalaan, inilalaan Niya ang pinakamainam. Nang ang Diyos ay naglaan ng isang kaparaanan upang pagtibayin ang Kaniyang iglesia, inilaan Niya ang pinakamainam. Nang binigyan Niya sina Adam at Eba, sa hardin ng Eden, ano ang ibinigay Niya sa kanila ay ang Kaniyang Salita. "Manitili kayo sa likuran ng Salita ito, at kayo'y ligtas. Ngunit kung kayo'y lalabas mula Rito, sa araw na kayo'y kumain niyaon sa araw na iyon kayo ay mamamatay." Ang Diyos kailanman ay hindi binago ang kaniyang pamamaraan. At si Satanas ay hindi kailanman nagbago ng sa kanya; kung paano siya nakapasok kina Adam at Eba, siya'y nakakapasok sa kanila ngayon. Bakit? Sa pagsisikap na pangatwiranan Ito. "Ngayon, makatuwiran na hindi gagawin iyon ng Diyos. Oh, sinabi ng Diyos," sabi ni Satanas, "ngunit tunay na hindi ito gagawin ng isang banal na Diyos." Tunay na gagawin Niya, dahil sinabi Niya na gagawin Niya!

⁹⁷ At iyan ang sinasabi ng mga tao ngayon. "Oh, ngayon sandali! Hindi ka naniniwala ngayon, kung pupunta ako sa simbahan at ibigay ang aking ikapu, at gawin ko *ito*, ang *iba*, itataboy ako ng Diyos doon?" Maliban na ang tao ay maipanganak na muli, ay ni hindi niya mauunawaan ang Kaharian ng Diyos! Kita n'yo? Walang mga maidadahilan! "Bueno, ang kawawang matandang lalaki, ang kawawang matandang babae, hayun ang isang mabuting kaluluwa." Ang tanging paraan na makita nila ang Diyos, ay maipanganak na muli. Iyan lang. Wala akong pakialam kung gaano kaliit, gaano katanda, gaano kabata, ano ang ginawa nila, gaano sila kadalas magpunta sa simbahan, gaano karaming denominasyon ang alam nila, ilang kredo ang kaya nilang bigkasin. Kailangan kayong maipanganak na muli o wala man lamang kayo sa pundasyon, sa pasimula. Iya'y tumpak.

⁹⁸ Kaya, nakita n'yo, kailangan ninyo ang Patnubay. Papatnubayan Niya kayo sa Katotohanan, at ang Katotohanan ay ang Salita. Papatnubayan Niya kayo. At gayon na ito noon pa. Walang kailangang baguhin ang Diyos, 'pagkat Siya'y walang hanggan at alam Niya kung ano ang pinakamainam. Siya'y sumasalihat ng dako, Siya'y nakababatid ng kalahat—lahatan, Siya'y—Siya'y lahat ng bagay. Ito'y tama, ang Diyos nga, kaya hindi Niya kailangang magbago. Mabuti.

⁹⁹ Siya ay isang Tagapagpatibay ng daan na pinagpapangunahan Niya sa inyo. Ang Banal na Espiritu, ang Patnubay, ay ang Tagapagpatibay ng siya ring Salita na Kaniyang itinuturo. Ngayon, si Lucas ay pinangunahan ng Patnubay, na sabihin, “Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, ipangaral ang Ebangheliyo sa lahat ng nilalang. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ang hindi sumasampalataya ay mapahamak. At lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya; Sa Aking Pangalan sila ay mangagpapalabas ng mga demonyo, mangagsasalita sila ng mga bagong wika, magsisihawak ng mga ahas, magsisiinom ng mga bagay na makamamatay, ipapatong ang kanilang mga kamay sa may sakit at sila’y magsisigaling.” At sinabi ng Biblia na, “Nagsiparoon sila sa lahat ng dako,” pinangungunahan ng Patnubay, alam ninyo, “ipinangaral ang Salita, na may kalakip na mga tanda.” Ano iyon? Ang Patnubay pinatutunayan na Iyon ang Katotohanan!

¹⁰⁰ Iyon ang patakaran ng Diyos. Iyan ang paraan na ito’y nailatag. Iyon ang kanyang palatuntunan; Hindi Siya maaaring magbago mula roon, dahil sa Siya’y walang hanggan. Amen. Hindi Siya maaaring magbago mula roon; Siya’y Diyos. Maaari akong magbago; ako’y tao. Maaari kayong magbago; kayo’y isang lalaki o babae. Ngunit ang Diyos ay hindi maaaring magbago. Ako’y may hangganan; maaari akong makagawa ng mga kamalian at magkapagsabi ng mga bagay na mali, lahat tayo ay makagagawa. Ngunit ang Diyos ay hindi magkakamali, at maging Diyos. Ang una Niyang pasya ay sakdal. Ang paraan ng pagkilos ng Diyos sa tagpo, iyan ang paraan na dapat Niyang ikilos sa lahat ng pagkakataon. Kung Siya’y tinawag sa tagpo upang iligtas ang isang makasalanan, Kaniyang inililigtas siya sa batayan ng isang bagay. Sa susunod na pagkakataon na dumating ang isang makasalanan, kailangan Siyang kumilos sa gayon ding paraan, o Siya’y nagkamali ng pagkilos nang una siyang kumilos. Amen. Mahal ko Siya. Alam kong ito’y ang Katotohanan.

¹⁰¹ Ako’y limampu’t tatlong taong gulang, ipinapangaral ang Ebangheliyo dito sa loob ng tatlumpu’t tatlo at kalahati nang taon, hindi ko pa Ito kailanman nakitang mabigo. Nasaksihan ko na itong sinubok ng pitong beses sa buong mundo, sa lahat ng uri ng mga relihiyon at lahat pa ng mga bagay, sa harapan ng kasing rami ng kalahating milyon sa isang pagkakataon, at hindi ito kailanman nabigo. Hindi ako nangungusap mula sa alinmang aklat, ako’y nangungusap mula sa personal na karanasan, na nalalaman ko na ang Diyos ay naninindigan sa Kaniyang Salita at iginagalang Ito. Ngayon, kung mayroon kayong isang uri ng kredo, dapat nyong bantayan iyan. Ngunit ang Banal na Espiritu ay pagtitibayin ang Salita ng Diyos.

¹⁰² Sa San Juan, sa ika—1 kabanata at ika—1 talata, sinabi niya, “Siya ang Salita. Siya ang Patnubay. Sa pasimula ay ang Salita,

ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang—tao at tumahan sa gitna natin.” Naku!

¹⁰³ Si Pedro ay napangunahan na sabihin, sa Mga Gawa 2:38, kung paano matatanggap ang Banal na Espiritu, sinabi niya, “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, pagkatapos ay mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa kapatawaran ng inyong mga kasalanan, at pagkatapos ang Patnubay ay aakayin kayo magmula roon.” Oo, ‘yan ang bagay na dapat gawin. Una, magsisi sa inyong mga kasalanan, ang inyong kawalang—pananampalataya, na hindi ninyo sinampalatayanan ang mga bagay na ito. Magsisi kayo, at pagkatapos ay magpabautismo, at pagkatapos ang Patnubay ay aakayin kayo magmula roon. Kita n’yo, iyan ang inyong tungkulin. Tungkulin ninyong magsisi. Tungkulin ninyong magpabautismo. Pagkatapos ay tungkulin na ng Patnubay na akayin kayo magmula roon, pangunahan kayo mula sa kagalingan patungo sa kaalaman, sa kahinahunan, sa pagtitiis, sa kabanalan, at sa pag—ibig sa kapatid at ang Banal na Espiritu ay tatakan kayo. Kita n’yo? Sa gayon kayo’y isang nang buong pangangatawan ng Diyos, isang tunay na lalaki ng Diyos, isang tunay ng babae ng Diyos, naka—angkla kay Cristo. Gusto ko ‘yan, iyang naka—angkla kay Cristo.

¹⁰⁴ Oo, si Markos ay pinangunahan ng Banal na Espiritu, na isulat ang Marcos 16, mangyari pa.

¹⁰⁵ Si Juan ay pinangunahan nang kaniyang isulat ang Apocalipsis. Siya ay pinangunahan ng Patnubay. Siya ay pinangunahan din ng Patnubay na sabihing, “Sinoman ang mag—alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito, ay maaalis siya, ang kaniyang bahagi, mula sa Aklat ng Buhay.”

¹⁰⁶ Ngayon, paano mo ihahalili ang anumang bagay para sa Salita ng Diyos, at sabihin mo pa ring pinangungunahan ka ng Banal na Espiritu? Hindi maunawaan, hindi ba? Hindi, ginoo. Hindi nga.

¹⁰⁷ Siya noon pa ang Patnubay ko sa buong buhay. Pinatnubayan Niya ako patungo sa Buhay. Siya ang Mismong pumatnubay sa akin sa Buhay, at Siya ang Buhay ko. Kung wala Siya ay wala akong Buhay. Kung wala Siya ay wala na akong gusto pang iba. Siya ang Lahat—Lahat sa akin. Sa mga oras ng aking kabagabagan, Siya’y nakatayo sa tabi ko. Kahapon pinagpala Niya ako, ngayon gayon din ang ginawa nila. Ano ang maaari kong asahan? Gayun pa rin magpakailan man, purihin ang Kaniyang Pangalan! Amen. Opo, ginoo. Kanyang ipinangako ito. Kaniya itong tutuparin. Siya ang aking Buhay, Siya ang aking Patnubay, Lahat—Lahat. Pinagtiwalaan ko Siya. Nagkaroon ako ng mga mabibigat na pagsubok. Pinagtiwalaan ko Siya saan man ako pumaroon. Nais kong gawin ninyo ito.

Kung kayo'y maglalaba, kayong mga kababaihan, pagtiwalaan nyo Siya. Kung kayo'y pupunta sa kabayanan, pagtiwalaan Siya.

108 Nangyari sa akin minsan kung saan inakala kong ako'y bihasa na sa kagubatan, alam n'yo, nangaso na ng maraming beses. Inakala ko, "Ako'y hindi maloloko, walang sinoman ang makakapag. . .Hindi mo ako maililigaw. Ang nanay ko ay kalahating Indian, at gustong—gusto ko iyan. Oh, naku! Hindi mo ako maililigaw sa kagubatan, alam ko kung saan ako naroon."

109 At sa aking pulu't gata, medyo dinaya ko ng kaunti ang aking asawa, sinabi ko sa kaniya, "Alam mo, mahal, magiging mainam na bagay para sa atin ang makasal ng ikadalawampu't tatlo ng Oktubre." Mangyari pa, iyan ang sinabi sa akin ng Panginooon kung kailan gawin.

110 At naisip ko, "Ngayon, para sa isang munting pulu't gata, inipon ko ang aking pera, at dadalhin ko siya doon sa may Niagara Falls, at pupunta sa Adirondack at mangangaso ng kaunti." Kita n'yo? Kaya isinama ko siya at si Billy, siya ay maliit pa lamang noon. At kaya kailangan ko siyang dalhin sa isang pulu't gata, at iyon ay sa isang pagpunta sa pangangaso, na rin, alam n'yo. Kaya—kaya naisip ko na iyan ay magiging mainam na bagay para gawin. At kaya dinala ko siya, at ang. . .

111 Sumulat ako kay Ginoong Denton, ang tanod—gubat. At kami noon ay aakyat sa Hurricane Mountain. At sinabi ko, "Ginoong Denton, darating ako, nais kong mangaso ng ilang oso kasama mo itong tag—lagas."

112 At sinabi niya, "O sige, Billy, pumarito ka." Kaya sinabi niya, "darating ako doon sa ganito—ganitong petsa." Bueno, ang asawa ko at ako ay nakarating doon ng mas maaga ng isang araw, at si Billy, at kaya ang kubo ay nakakandado. Mayroong isang maliit na masisilungan doon sa kagubatan.

113 Kung saan, si Lalaking Kapatid na Fred Sothmann at ako ay nagpunta hindi pa katagalan at tumayo roon. Ang Banal na Espiritu, nakita ko Siyang nakatayo roon, ang dilaw na Liwanag na gumagalaw sa palibot ng mababang puno, at si Fred nakatayo mismo roon. Sinabi Niya, "Halika rito sa tabi, nais Kong makipag—usap sa iyo. Bukas," sabi, "mag—ingat ka, may inihanda silang patibong para sa iyo." Sabi, "Maging alisto ka!" Tama ba iyan, Kapatid na Fred? At ako'y nagtungo at sinabi sa daan—daang mga tao nang gabing yaon, roon sa Vermont, sinabi ko, "May patibong na inihanda para sa akin; makikita ko iyon. Hindi ko alam kung saan iyon." At nang mismong sumunod na gabi, hayun dumating, naroroon nga. Sabi, "Heto ang patibong na inihanda." Opo, ginoo. Ngunit pinangunahan ako ng Banal na Espiritu sa kung ano ang gagawin. At, oh, naku, iyon nga ay

tamang—tama! Oh, marami sa inyo ang nakakaalam kung ano iyon. Wala akong panahon para sabihin ito.

¹¹⁴ Ngunit nakatayo roon sa lugar na iyon nang panahong iyon, nag—simula nang maging maginaw nang araw na iyon. Si Ginoong Denton ay darating sa susunod na araw, sabi ko, “Alam mo, mahal, magiging mainam kung may makuha akong isang—ising malaking lalaking usa na maiuwi.” Sabi ko, “Nagawa natin. . . kinailangan kong ipunin ang mga baryang ito, at kakakasal lamang natin.” At sabi ko, “Makakakuha tayo ng pagkain para sa taglamig kung makakapangaso ako ng kaunti ngayon.”

¹¹⁵ At sinabi niya, “Bueno, pumunta ka, Billy.” Sabi, “Ngayon, alalahanin mo, hindi pa ako nakarating dito sa kagubatan na ito,” sabi niya. Siya ay mga dalawampu’t limang milya sa taas ng kabundukan, alam n’yo, at sabi niya, “Wala akong nalalaman tungkol sa bagay na ito.” At sinabi niya, “Kaya ako’y. . .”

¹¹⁶ Sinabi ko, “Bueno, ngayon, alalahanin mo, dalawang taon na ang nakakaraan napatay ko ang tatlong osong iyon. Iyon ay mismo sa itaas ng bundok sa banda roon.” At sabi ko, “Ngayon, kukuha ako ng malaking lalaking usa at kukuha tayo ng ilang oso,” at sabi ko, “magkakaroon tayo ng pagkain para sa taglamig.” Bueno, iyan ay mainam na pakinggan, alam n’yo. (At nanguha kami ng mga duhat, at kumuha ng uling para sa—para sa taglamig na iyon; at kaya pagkatapos ibinenta ni Billy ang mga iyon, at si Meda at ako ay nanguha ng mga yaon isang gabi pagkatapos kong umalis sa aking pagpapatroliya.) Kaya pagkatapos aking—aking sinabi, “Bueno, kukunin ko ang baril ko, pupunta ako sa dakong ito.” Sabi ko, “Mayroong maraming usa dito, makakakita ako ng isa.” At sabi ko, “Alam mo,” sabi ko, “pagkatapos kukunin ko siya.” At sabi ko, “Tayo’y. . . babalik ako maya—maya.”

Sabi niya, “O sige.”

¹¹⁷ Kaya, nang ako’y umalis, ay medyo maulap na. At sinoman sa inyo mga taong taga—New Hampshire, at doon sa dakong New England, ay nalalaman ang ibig sabihin kapag ang ulap na iyon ay bumaba, o saan pa mang dako sa kabundukan, hindi ninyo alam kung saan kayo naroroon. Iyon lamang. Hindi ninyo makikita ang inyong kamay sa harapan ninyo. Kaya ako’y nagpasimulang bumaba sa pamamagitan ng kaunting bilis sa paglalakad, tulad ng, bumababa, at tumawid sa gulod ng bundok at umaakyat. At napansin ko ang isang panther, ang tawag ninyo dito sa bahaging ito ng bansa. Tinatawag namin ito, sa Kanluran, isang cougar. Tinatawag nila ito, sa dakong iyon, na isang leon ng kabundukan. Ito’y iisa ring hayop. Ito ay isang puma, ang totoo kung ano ito. Parehong pusa, mga siyam na talampakan ang haba, tumitimbang ng mga isang daan at limampu, dalawang

daang libra. Tumawid siya sa daan, at kinalag ko ang baril kaagad—agad, hindi gaanong mabilis upang mabaril siya.

¹¹⁸ Bueno, nagpadausdos ako sa burol, hinahabol ang cougar na ito, minamatyagan ang mga dahon kung saan siya gumalaw, alam n'yo. Nariring ko siya. Mayroon siyang apat na paa. Alam kong hindi siya hayop na dalawang paa, ang kaniyang apat na paa. At alam kong hindi siya isang usa, 'pagkat ang usa ay yumayabag. At siya'y talagang madaling makakalusot, ang pusa, alam n'yo, tulad niyan. At ang oso ay iginagapang ang kaniyang mga paa pagka siya ay lumalakad. At kaya alam ko na iyon ay talagang isang cougar. At siya ay nasa likuran ng isang troso at hindi ko siya nakita, hanggang sa nasulyapan ko na lamang siya, siya'y nakaalis na.

¹¹⁹ At minatyagan ko kung saan niya nabulabog ang mga dahon, alam n'yo, doon sa itaas ng bundok, at pababa tulad nito, at hindi ko tinitingnan ang yaong ulap na tuloy—tuloy na ang pagdating, alam n'yo, bumababa ang ulap. Ako'y bumaba, nagpunta sa isang malawak na lambak at nagtungo sa Giants, sinusundan ang cougar na ito. Naisip ko, "Mahuhuli ko siya mamaya." Titingin ako ng isang lugar, at ako'y mabilis na aakyat sa isang mataas na lugar, at titingin sa buong paligid tulad nyan, at sisilip palibot, susubukan kung makikita ko siya; makikinig ng maigi, at bababa, magpapadaus—dos uli. Maririnig mo ang mga halamang lumalagapak, ng malayo sa unahan ko, habang papalabas. Kita n'yo, dumadaan siya sa mga puno upang sa gayon ay hindi ko siya masundan. Kita n'yo, naging marunong siya, umakyat sa mga puno, at nagpapalipat—lipat sa mga puno. At alam niyang hindi ko siya masusundan doon. Oh, naisip ko, "Oh, gayon pa man!"

¹²⁰ At nagsimula akong bumalik pataas sa makitid na bangin, at naamoy ko ang isang oso, isang matandang lalaking oso. Naisip ko, "Huhuliin ko siya ngayon, naku, iya'y mainam!" Naamoy kong muli, at ako'y lumayo pa ng kaunti, at nagmasid ako sa lahat ng uri ng tanda at lahat. Wala akong makitang isa mang bagay; bumalik pababa, at bumaba sa kabilang panig ng bundok. At pagkatapos nagsimula kong mapansin, medyo nagiging maulap. At aamoy akong muli, siya ay nasa hangin kung saan. Sabi ko, "Hindi. Ngayon, ang nangyari, ang hangin ay nagmumula sa dakong *ito*, at ako'y galing. . . Ang amoy ng oso ay galing mula dito pababa sa daang *iyon*, at ako'y nakaikot na ngayon at ang hangin ay nanggagaling sa ibang direksyong *ito*. Kaya kailangan kong bumalik kung saan ko naamoy ang oso nang unang, at magsimula mula roon."

¹²¹ At sa aking daan pabalik, ako ay tumingin sa kabiling ibayo ng makitid na bangin, nakita ko ang mga halaman na gumalaw. At nang nakita ko, may isang bagay na kulay itim na gumalaw. Naisip ko, "Hayun siya." Nilagyan ko ng bala ang baril, dali—dali, at nakatayong tumigil. At, nang ito nga, iyon ay isang

napakalaking usang lalaki, isang napakalaki. Naisip ko, “Iyan naman talaga ang hinahangad ko, kahit papaano.” Binaril ko ang lalaking usa.

¹²² Naisip ko, “Bueno!” Hindi ko man lang napansin na iyon ay medyo. . . Sa oras na naisaayos ko siya, tumingin. . . nilinis ko ang mga kamay ko, at inayos ang aking kutsilyo, ibinalik ito. At inisip ko, “Purihin ang Diyos! Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus, ibinigay Mo sa akin ang pagkain ko para sa taglamig. Papuri sa Diyos!” At kinuha ko ang baril ko. Naisip ko, “Babalik na ako agad paakyat dito sa makitid na bangin.” Sabi ko, “Tumingin ka dito, naku, paparating na ang bagyo. Kinakailangan ko nang umalis dito at bumalik kay Meda at kanila.” Sabi ko, “Ako ay kailangang magmadali.”

¹²³ Sa makitid na bangin ako’y umakyat, inalis sa pagkakabutones ang aking malaking pulang amerikana, at ako ay tumatakbo pataas sa makitid na bangin ng paganito, paikot. Ang unang bagay alam n’yo, naisip ko, “Naku, saan ba ako nun lumiko?” Ang hangin ay mababa na, ang mga puno ay nag—uumpugan. Naisip ko, “Saan ba ako nun lumiko?” Umikot ako. Aking—aking nalaman na ako’y papunta mismo sa Hurricane Mountain. Ngunit ako’y napahinto, at ako’y pinagpapawisan, naisip ko, “Anong nangyari dito? Ako’y nakaalis na ng kalahating oras, o tatlong maka—apat, at hindi ko makikita ang lugar na nilikuan ko.” Ako’y tumingala, at naroon nakabitin ang aking usa. Ako ay naroon sa mismong parehong lugar. Naisip ko, “Bueno, ano ba ang ginawa ko?”

¹²⁴ Bueno, nagpatuloy uli ako. Naisip ko, “Magagawa ko na ito sa pagkakataong ito, hindi ko lang napapansin.” Minatyagan ko ang bawat maliit na galaw sa lahat ng dako, nagmamatyag. Patuloy ako sa paghanap, naghanap, naghanap. Ang mga ulap ay dumarating, alam kong ang isang bagyo ng niyebe ay paparating na, ang mga ulap ay mababa na, at pagkatapos nagsimula kong mapansin. Inisip ko, “Ako’y lalakad pa ng kaunti,” nagpatuloy, patuloy, patuloy, patuloy, patuloy, patuloy. At naisip ko, “Bueno, ito ay nakapagtataka, parang nakita ko na ang lugar na ito kangina.” At lumingon ako, at naroon nakabitin ang aking usa. Kita n’yo?

¹²⁵ Alam n’yo kung ano ang nangyari sa akin? Ang mga Indian ay tinatawag itong “lakad ng kamatayan.” Kita n’yo, kayo’y naglalakad sa isang bilog, paikot at paikot. Bueno, naisip ko na masyado akong bihasang patnubay para maligaw. Kita n’yo, walang sinuman ang kailangang magsabi sa akin sa kakahuyan, nalalaman ko ang aking daan palibot. Kita n’yo?

¹²⁶ At ako ay nagpatuloy na muli. Sabi ko, “Hindi maaaring magawa ko ang pagkakamaling ito.” At ako’y bumalik na muli.

¹²⁷ Ako ay umakyat ng kaunti sa makitid na bangin, pagkatapos ay nag—umpisa ng umihip. Oh, naku, niyebe sa bawat dako!

Halos magdidilim na. At alam kong si Meda ay mamamatay nang gabing iyon sa kagubatan, hindi niya alam kung paano pangangalagaan ang kaniyang sarili. At si Billy ay mga apat na taong gulang lamang, tatlong taong gulang, napakaliit pa lamang. At inisip ko, “Ano ang kanilang gagawin?” Bueno, ako’y nakarating sa ganitong layo at ako’y nakatapak ng isang malumot na lugar, naisip ko, “Ako’y nasa isang patag kung saan, wala akong makita, lahat ay napakamaulap.” Ako’y nagpapaikot—ikot na ngayon.

¹²⁸ Karaniwan, ako ay makakahanap ng isang lugar at mananatili, kung may kasama ako. Mananatili ako at maghihintay hanggang tumigil ang bagyo, isang araw o dalawa, at lalabas. Hihiwa ng aking piraso ng usa . . . sa may likuran ko, at papasok, kakain, at nakakalimutan and tungkol dito. Ngunit hindi mo magagawa iyan, at ang asawa mo at anak ay naroroon sa kagubatan, namamatay. Kita n’yo?

¹²⁹ Kaya ako’y nagsimulang mag—isip, “Anong magagawa ko?” Kaya ako ay lumayo pa ng kaunti. At naisip ko, “Ngayon, sandali. Nang tawirin ko ang unang lambak na iyon, ang hangin ay papunta sa mukha ko, kaya marahil ay galing ako sa gawing ito. Kailangan kong dumaan sa gawing ito.” At ako ay napagala—gala pababa doon sa Giants, ngunit hindi ko alam kung saan ako naroroon. Sabi ko, “Oh!” nagsimula akong kabahan. At naisip ko, “Sandali lamang, Bill, hindi ka naliligaw,” pinipilit dayain ang aking sarili. Hindi mo iyon maaaring dayain. Hindi, hindi. Ang kaloob—loobang budhi na iyan ay nagsasabi sa iyong ikaw ay mali.

¹³⁰ Oh, iyong—iyong sinisikap sabihing, “Oh, ako’y ligtas, nagsisimba ako.” Huwag kang mag—alala, hintayin mo hanggang sa dumating ang banig na kamatayan na iyan, at malalaman mong iyon ay iba. Ang iyong budhi ang nagsasabi sa iyo. Isang bagay sa loob mo ang nagsasabi sa iyong ikaw ay mali. Kita n’yo? Nalalaman mo na kung ikaw ay mamamatay, hindi mo maaaring katagpuin ang isang banal na Diyos. Gaya nang pagkakita natin sa Kaniya kagabi, maging ang mga banal na mga Anghel ay kailangang magtakip ng kanilang mga mukha upang makatayo sa harapan Niya. Paano kayong makakatayo na labas ng Dugo ni Jesus Cristo na magtakip sa iyo?

¹³¹ Inisip ko, “Oh, makakaya ko ito.” Nagpatuloy ako. At nasumpungan kong patuloy akong nakakarinig ng Isang Bagay. Pagkatapos ako ay kinabahan. At aking inisip ko, “Ngayon, kung gagawin ko iyan, ako’y mababaliw.” Ganyan karaniwan ang nangyayari sa isang taong naliligaw, siya’y nababaliw sa kagubatan. Pagkatapos kukunin niya ang kaniyang baril, babarilin ang kaniyang sarili; o mahuhulog sa isang hukay at mababali ang kaniyang paa, at doon siya mahihimlay, siya’y mamamatay doon. Kaya naisip ko, “Anong gagawin ko?” Kaya ako’y nagpatuloy na lumakad.

132 At patuloy kong naririnig ang Isang Bagay na nagsasabing, “Ako’y isang laging handang Saklolo sa panahon ng kabagabagan.” Patuloy lamang ako sa paglalakad.

133 Inisip ko, “Ngayon, nalalaman kong ako’y medyo nawawala sa aking sarili, nakakarinig ako ng isang tinig na nakikipag—usap sa akin.” Ako’y nagpapatuloy. Ginawa ko, “whew, whew, whew,” nagpasipol—sipol, alam n’yo. Naisip ko, “Ngayon, ako’y hindi naliligaw. Alam mo kung nasaan ka, bata! Anong nangyayari sa iyo? Hindi ka maaaring maligaw. Ika’y—ikaw ay napakagaling na mangangaso, hindi ka maaaring maligaw.” Pagmamayabang, alam n’yo, dinadaya ng sarili ko ang mismong sarili ko.

134 Hindi mo maaaring dayain iyon. Sa baba *rito* ay mayroong isang gulong na umiikot, nagsasabing, “Naku, naliligaw ka at alam mong ikaw nga. Kita mo, naliligaw ka.”

135 Patuloy ako sa paglakad. “Oh, hindi ako naliligaw! Ako’y magiging maayos. Makikita ko rin ang daan ko palabas.” Ang mga bagay ay nagsimulang magmistulang katawa—tawa, lumalakas ang hangin. Ang niyebe ay nagsimulang magliparan, ang munting durog na niyebe, tinatawag naming, “dumudura papaba.” Naisip ko, “Isang asawa at anak! Ako’y hindi...” Naisip ko, “Oh, naku!”

136 Direktang narinig ko uli Iyon, sabi, “Ako’y laging handang Saklolo sa panahon ng kabagabagan.” At ako noon ay isa nang ministro ng Ebangheliyo, nangangaral mismo dito sa tabernakulo.

137 Kaya naisip ko, “Bueno, anong magagawa ko?” Huminto ako, nagpalinga—linga sa bawat dako, at naroon ang ulap nakababa na ngayon. Ako... Iyan na ‘yon. Wala nang magagawa pa kung gayun. Naisip ko, “Oh, anong magagawa ko?” Naisip ko, “Ginoo, hindi ako karapat—dapat na mabuhay, ako’y nagkaroon ng masyadong pagtitiwala sa sarili. Inakala kong ako ay isang mangangaso, ngunit ako’y hindi,”

138 At, kapatid, Ako’y laging nagtiwala sa kaniya. Sa pamamaryl, ako’y may mga naitala doon. At isang mangingisda, ako’y isang mahina, ngunit ako’y lagi nang nagtitiwala sa Kaniya. Sa pagbaril, ako’y hindi asintado, ngunit hinayaan Niya akong magkaroon ng pandaigdigang rekord dito. Kita n’yo? Babaril ng usa, pito, walong daang yarda. Mayroon akong baril doon na nakapatay ng tatlumpu’t limang ulo ng mga hayop na nahuli na nang mintis ni isang putok dito. Basahin lamang iyan saanman, kung magagawa ninyo. Kita n’yo? Hindi ako, iyon ay Siya. Ako’y nagtiwala sa Kaniya.

Naroon ako, naisip ko, “Anong magagawa ko? Anong magagawa ko?”

¹³⁹ Ako'y patuloy. . . Iyon ay palapit ng palapit, palapit. "Ako'y laging handang Saklolo sa panahon ng kabagabagan, isang laging handang Saklolo."

¹⁴⁰ Naisip ko, "Iyan ba ay Diyos na nakikipag—usap sa akin?" Inalis ko ang aking sumbrero. Suot ko ang sumbrero ko sa pagpapatrolya, nakatali ang pulang panyo paikot dito. Ibinaba ko ito. Inalis ang aking amerikana, iyon ay mamasa—masa. At inilapag ko ang aking amerikana, isinandal ang aking baril sa tabi ng isang puno. Sabi ko, "Makalangit na Ama, ngayon ako'y nawawala na sa aking sarili, ako'y nakakarinig ng tinig na nangungusap sa akin. Ikaw ba Iyan?" Sabi ko, "Panginoon, aaminin ko sa Iyo na ako'y hindi mangangaso. Ako'y hindi, aking—hindi ko makita ang aking daan sa paligid. Kailangan Mo akong tulungan. Hindi ako karapat—dapat na mabuhay, at ginagawa ang mga bagay na nagawa ko, nagpunta rito at inakala na napakarami kong nalalaman tungkol dito upang maligaw lamang. Kailangan Kita, Panginoon. Ang aking asawa ay isang mabuting babae. Ang aking anak, ang aking munting anak na lalaki, yumao na ang kaniyang ina, at siya'y nagsisikap na maging ina sa kaniya, at kapapakasal ko lamang sa kaniya. At narito siya, isang bata, doon sa kagubatan, pareho silang mamamatay ngayong gabi. Ang hangin na iyan, ito'y bababa ng mga sampu pababa ng sero, at hindi nila alam kung paano mabuhay. Sila'y mamamatay ngayong gabi. Huwag Mo silang hayaang mamatay, Diyos. Dalhin Mo ako sa kanila, upang masiguro kong hindi sila mamatay. Ako'y naliligaw! Ako'y naliligaw, Dios! Aking—hindi ko makita ang aking daan sa paligid. Maaari Mo ba akong tulungan? At patawarin Mo, ako sa aking sariling makasariling paraan! Wala akong magagawa kung wala Ka, Ikaw ang aking Patnubay. Tulungan Mo ako, Panginoon."

¹⁴¹ Ako'y tumayo, at sabi ko, "Amen." Dinampot ang aking panyo; ang aking amerikana, dinampot iyon; isinuot uli ang aking sumbrero; kinuha ang aking baril. Sinabi ko, "Ngayon aayusin ko ang aking sarili sa pinakamainam na paraan na alam ko kung paano pumunta, sa pinakamainam sa aking pang—unawa; at ako'y tutungo direktso sa isang daan, 'pagka't ako'y lumalakad ng paikot sa isang bilog, hindi ko alam kung saan. Ngunit ako'y pupunta sa daang ituturo Mo sa akin, Panginoong Diyos, aking Patnubay."

¹⁴² Ako ay nag—umpisang lumakad sa daang *ito*. Sabi ko, "Ito na iyon, at kailangan kong papaniwalain ang aking sarili dito. Ako'y lalakad sa daang *ito*. Ako'y lalakad patuloy sa daang *ito*. Hindi ako mag—iiba—iba, ako'y patuloy sa daang *ito*. Alam kong tama ako. Ako'y patuloy sa daang *ito*." Kung nagpunta ako sa daang iyon, ako'y papunta na ng Canada. Kita n'yo?

¹⁴³ Kasunod nun aking naramdaman ang Isang Bagay na humipo sa akin sa aking balikat, isang kamay, ito'y

maramdaman na isang kamay ng tao, napakabilis na ako'y lumingon upang tingnan. Walang sinuman ang naroroon. Naisip ko, "Ano iyon?" Narito ang Biblia na nakalagay sa harapan ko. Diyos, aking Patnubay at Hukom, ay nakatayo rito. Ako'y tumingala lamang. At dito sa gawing *ito*, ang ulap ay nahawi na hanggang sa nakikita ko ang tore sa tuktok ng Hurricane Mountain. Umalis ako agad mismo mula rito, sa pinakamahasay kong kakayahan sa pangangaso, ako'y pumalayo mula rito, lumalalim na ang gabi noon. Mabilis akong lumiko, inayos ang sarili ko tulad *nito*. Hinawakan ko ang aking sumbrero at itinaas ang aking mga kamay, sabi ko, "Gabayan mo ako, Diyos, Ikaw ang aking Patnubay."

¹⁴⁴ Ako'y nagpasimula. Ako ay kailangang diretsong umakyat sa mga talampas at lahat ng bagay para makarating doon, pagabi ng pagabi. Pagkatapos ay dumilim. Ang mga usa ay nagtatalunan sa harapan ko, at lahat. Hindi ako makapagisip ng ano pa man kundi ang mapanatili ko ang aking sarili sa isang daan, papunta mismo sa bundok na ito.

¹⁴⁵ At alam ko na kung makakapunta ako sa tore si Ginoong Denton at ako . . . ako'y tumulong sa paglalagay ng linya nang tag—sibol na iyon. Ikinabit namin ang kawad ng telepono mula sa Hurricane Mountain, hanggang sa baba mga tatlo at kalahati o apat na milya, pababa mismo patungo sa kampo. At iyon ay pababa mismo sa isang maliit na daanan, ngunit, sa niyebe doon, hindi mo matukoy ang daanan. Kita n'yo? At ang hangin ay umiihip at ang lahat, madilim noon at bumabagyo ng niyebe at, sa pagpunta, hindi mo masabi kung nasaan ka. Bueno, ang tanging bagay na alam kong gawin, pagkatapos na dumilim, at hindi ko na alam . . . alam kong ako'y patungo sa isang direksyon, at papunta mismo ng bundok. Dahil sa ako ay dapat na umakyat sa bundok, at ang tore ay naroon mismo sa tuktok ng bundok, at mayroon akong mga anim na milya upang marating iyon. Isipin lamang, ang ulap na iyon na nahahawi, anim na milya, isang butas lamang, hanggang sa ito ay makita ko na!

¹⁴⁶ At pagkatapos ako—aking hahawakan ang aking baril sa kamay na *ito*, at itataas ang kamay na *ito*, dahil ikinabit ko ang—ang kawad sa mga puno tulad nyan pababa, ang mga kawad ng telepono patungo sa kubo, para makausap niya ang kaniyang asawa, at pagkatapos ay tumawag mula roon, mula sa bundok. At tutulungan ko siyang ilagay iyon nang tag—lagas na iyon. At nakataas ang aking kamay tulad *nito*, nagsasabing, "O Diyos, pahintulutang mahawakan ko ang linyang iyon." Lalakad, at ang kamay ko ay mangangawit ng husto, napagod, halos hindi ko na ito maitaas, at kailangan ko itong ibaba. At ililipat ko ang baril at ilalagay sa *ganoon*; aatras ng ilang hakbang upang masiguro kong hindi ko ito malampasan, pagkatapos itataas ang aking kamay, magsisimulang lumakad, lakad. Gumagabi na, madilim, umiihip ang hangin. Oh, ako'y makakahawak ng

isang sanga, sasabihin ko, “Iyan na! Hindi, hindi iyan ‘yon.” Oh, nagbibigay ito. . . Huwag hayaang magbigay ito ng isang tunog na hindi tiyak.

¹⁴⁷ Maya—maya, nang ako ay halos susuko na, nahawakan ng kamay ko ang isang bagay. Oh, naku! Natagpuan na ako, nang ako ay naligaw. Humawak ako sa kawad na iyon. Ibinaba ko agad ang baril, inalis ko ang aking sumbrero sa aking ulo, at ako’y tumayo doon. Sabi ko, “O Diyos, kay ganda ng pakiramdam ang matagpuan, kapag ikaw ay naligaw.” Sabi ko, “Sa dulo mismo ng kawad na *ito*, hindi ko na ito pakakawalan. Ako’y hahawak sa kawad na ito. Papatnubayan ako nito papunta mismo doon sa kinaroroonan ng lahat ng mahal sa akin sa lupang ito, doon mismo sa baba. Ang aking asawa at anak, balisang—balisa, hindi alam kung nasaan ako, hindi alam kung paano makagagawa ng apoy, hindi alam kung ano ang gagawin, at ang mga hangin ay umiihip, at ang mga sanga ay naglalangitngitan at nahuhulog mula sa mga puno.” Hindi ako mangangahas na bumitiw sa kawad na iyon. Humawak ako sa kawad na iyon hanggang sa pinatnubayan ako nito mismo kung saan naroon ang lahat ng mahal ko sa ibabaw ng lupa.

¹⁴⁸ Iyon ay isang nakakatakot na karanasan, at isang dakilang karanasan na matagpuan ko ang aking daan palabas, ngunit iyan hindi pa nakakalahati dito. Isang araw ako’y naligaw sa kasalanan. Ako’y nagpalipat—lipat ng simbahan, nagsisikap na hanapin ang Isang Bagay. Nagpunta ako sa mga Seventh—day Adventist, sinabi nila sa akin, “Ipangilina mo ang Sabbath, tigilan mo ang pagkain ng karne.” Nagpunta ako sa iglesia ng Baptist, iglesia ng First Baptist, sabi niya, “Tumindig ka lamang at sabihin sa kanila na ikaw ay sumasampalataha kay Jesus Cristo ang Anak ng Diyos, at ikaw ay babautismuhan ko, iyan na ‘yon.” Walang kahit anoman doon. Ngunit isang araw, doon sa isang munting silungan ng uling, itinaas ko ang aking mga kamay, nahawakan ko ang Isang Bagay; o, maaari ko sabihing, may Isang Bagay na tumangan sa akin. Iyon ay isang Linya ng Buhay, ang Patnubay. At pinangunahan niya ako ng ligtas hanggang sa ngayon, hindi ko aalisin ang aking kamay sa Kawad na iyon. Nakahawak ang aking mga kamay sa Kaniya. Hayaan ang mga kredo, ang mga denominasyon na gawin kung anoman ang gusto nila, ako’y nakahawak sa Patnubay. Sapagka’t lahat ng nangasa ibabaw ng lupa at lahat na nasa Langit, na mga napakahalaga sa akin, ay nasa dulo ng Linyang ito. Kaniya akong dinala ng ligtas hanggang sa ngayon, pagtitiwalaan ko Siya sa buong landas. “Kung Siya ang Banal na Espiritu ay dumating, Papatnubayan Niya kayo at gagabayan sa buong. . .”

¹⁴⁹ Mga kaibigan, dinala ako Nito kung saan ako naroroon ngayon. Ginawa Niya ako kung ano ako ngayon. Ikagagalak kong ipakilala Ito sa inyo. Ito lamang ang tanging Patnubay na nalalaman ko, dito man sa lupa o sa itaas Doon. Siya ang aking

Patnubay kapag ako ay nangangaso. Siya ang aking Patnubay kapag ako ay mangingisda. Siya ang Aking Patnubay kapag ako ay nakikipag—usap sa isang tao. Siya ang aking Patnubay kapag ako ay nangangaral. Siya ang aking Patnubay kapag ako ay natutulog.

¹⁵⁰ At kapag ako ay mamamatay na, Siya'y tatayo sa ilog. Kaniya akong papatnubayan sa pagtawid. “Wala akong katatakutang kasamaan, sapagka't Ikaw ay sumasa akin. Ang Iyong pamalo at ang Iyong tungkod, itutuwid nila ako at papatnubayan nila ako sa pagtawid sa ilog.”

Tayo ay Manalangin.

¹⁵¹ Makalangit na Ama, labis akong nagpapasalamat para sa Patnubay, ang Siyang nangunguna sa akin. Oh, kung minsan, Ama, hindi ko Siya marinig sa aking paligid, ako ay natatakot. Gusto ko Siyang maging malapit sa akin sapagka't hindi ko alam kung ano ang oras na ako'y darating sa ilog. Gusto ko Siyang maging malapit sa aking tabi. Huwag na huwag Mo akong iiwan, Panginoon. Hindi ako makakapangusap, hindi ako makakapangaral, hindi ako makakapangaso sa kagubatan, hindi ako makakapangisda sa pampang, hindi ako makakapagmaneho ng kotse, walang akong magagawang anumang bagay kung wala Ka. Ikaw ang aking Patnubay. Labis kong ikinagagalak na sabihin sa kongregasyong ito ngayong gabi, kung paano na ako ay pinatnubayan Mo sa mga bagay na ito, kung paano na ako ay ginabayan Mo!

¹⁵² Iniisip ko nang nakaraang araw; wala pang ilang taon ang nakakaraan, nakatayo dito sa kalye, at dahil sa ang aking pamilya ay nakagawa ng mali, walang gustong makipag—usap sa akin. Ako'y nananabik sa pakikisama. Walang sinomang magnais na makasama ako. Sabi nila, “Ang kaniyang ama ay isang kontrabandista ng alak.” At, Panginoon, nakita kong walang ibig makipag—usap sa akin. At mahal ko ang mga tao. Ngunit isang araw nang mahawakan ko ang Linyang iyon! Ngayon iniisip ko, Panginoon, kailangan kong umalis at pumunta sa ilang upang makapagpahinga ng kaunti. Ano ang may gawa nito? Hindi personalidad, hindi edukasyon; ako'y wala. Ngunit iyon ay Ikaw, Panginoon. Ikaw, Panginoon. Pinahintulutan Mong masentro ko ang tudla, pinahintulutan Mong mahuli ko ang malaking isda, dahil alam Mo na gusto kong gawin iyon. Binigyan Mo ako ng mga ama at mga ina. Binigyan Mo ako ng mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae. Ibinigay Mo sa akin ang aking kalusugan. Binigyan Mo ako ng isang asawa. Binigyan Mo ako ng pamilya. Ika'y Patnubay ko, Panginoon. Hayaan Mong hawakan ko ang Iyong kamay, kailanman ay huwag Mong itulot na makabitaw ako. Kung ang isang kamay ay mapagod, ako'y magpapalit lamang ng kamay. Tulungan Mo ako, Panginoon.

¹⁵³ At ngayon nawa ang bawat isa na naririto ay humawak sa Linya ng Buhay ding iyon, Panginoon, ang Banal na Espiritu na Siyang aming Buhay, pinagmumulan ng Buhay. At nawa Ito ay patnubayan kaming lahat patungo doon sa masayang Lupain na iyon, kung saan ang mga pagsusumakit sa buhay ay tapos na at ang lahat ng aming mga gawain sa lupa ay tapos na, at pagkatapos ay wala ng pagtanda, walang taong mahihina, wala nang nakakapagod na mga gabi, wala nang pag—iyak at pananalangin, wala nang pagtawag papunta sa altar, ngunit kami’y magiging kabataan doon magpakailanman, karamdaman at kalumbayan ay mawawala na. Wala nang kasalanan doon, at kami’y mabubuhay sa katuwiran ng Diyos sa lahat ng kapanahunan na darating, sa walang katapusang Walang Hanggan. Ipagkaloob ito, Ama.

¹⁵⁴ At ngayon, Ama, kung mayroong sinoman na naririto ngayong gabi na hindi pa nakahawak sa Linya ng Buhay na iyon, nawa’y masumpungan nila Ito ngayon. At nawa ang Banal na Espiritu na Siyang pumatnubay. . . At masasabi ko mula sa aking puso, na nakapatong ang aking kamay sa Iyong Salita, Siya’y palaging tama. Ako’y mali maraming beses. Ngunit Siya’y tama. Hayaan Siyang manatiling kasama ko, Panginoon. Hayaan Mo akong manatiling kasama Niya. At nawa ang mga iba na narito, na hindi nakakakilala sa Kaniya ngayong gabi, nawa ay mahawakan nila ang Kaniyang kamay na hindi nagbabago, upang sila ay mapatnubayan.

¹⁵⁵ At balang araw kami’y paroroon sa ilog. Magiging maulap din sa umagang, yaon. Ang dating dagat ay magngangalit, ang dating Jordan, ang mga masuwayin ay magpapakasigla, sinasakal ng kamatayan ang buhay mula sa amin. Ngunit, Diyos, ako’y—ako’y hindi matatakot. Akin na itong isinaayos matagal nang panahon. Nais ko lamang alisin ang turbante, bilang isang mandirigma, babaling, lilingon doon sa landas upang tingnan kung saan ako ginabayan ng Linyang iyon. Makita ang lahat ng ilang na dinaanan ko, at bawat nilakarang dawag na matinik, at bawat bunton ng bato na nakasugatan ko, ngunit nakahawak sa Kawad. Gaya ng Iyong sinabi, ang manunula nagsabi, “Ang ilan ay sa tubig, ang ilan ay sa mga baha, ang ilan ay sa matinding mga pagsubok, ngunit ang lahat ay sa pamamagitan ng Dugo.” Gusto kong dalhin Ito, ang lumang Tabak dito, na nag—ingat sa akin sa daan, at ibalik Itong muli sa kaluban Nito, sisigaw, “Ama, ipadala Mo patawid ang bangka ngayong umaga, ako’y papauwi na.” Ika’y naroroon, Panginoon. Ipinangako Mo ito. Hindi Ka mabibigo.

¹⁵⁶ Pagpalain ang bawat isa na narito ngayon. Kung hindi nila alam kung paano humawak sa Linyang ito, at hindi pa nahawakan Ito, nawa’y ang mga banal na kamay ay itaas ngayon, nagnanais na mga kamay, naghahangad na mga kamay, at mahawakan ang Linya ng Buhay na pangungunahan sila sa

hangarin ng kanilang puso, sakdal na kapayapaan at kasiyahan, kapahingahan kay Cristo.

¹⁵⁷ Sa pakakayuko ng ating mga ulo, mayroon bang mga kamay na magtataas at magsasabing, “Pahintulutan ako. Hawakan ang aking kamay”? Oh, pagpalain kayo ng Diyos.

Kapag pumapanglaw ang daan, mahal na
Panginoon, manatiling malapit,
Kapag ang buhay ko ay halos mawala na;
Sa may ilog ako’y tatayo, gabayan ang aking
mga paa, hawakan ang aking kamay,
Kunin ang aking kamay, mahal na Panginoon,
pangunahan mo.

¹⁵⁸ Mayroon pa bang ibang magtataas ng kanilang kamay, sasabihing, “Panginoon, nais kong maramdaman ang hipo ng Linya ng Buhay ngayong gabi. Nais kong madama na pinatawad ako ni Cristo sa aking mga kasalanan, at nais kong maging isang bagong nilalang mula sa oras na ito”? Pagpalain ka ng Diyos. Mayroon pa bang ibang magsasabing, “Pahintulutan Mong mahipo Kita, Panginoon. Hayaang maiwala ko ang aking sarili”? Pagpalain ka ng Diyos, babaeng kapatid. “Hayaang maiwala ko ang aking sarili, at masumpungan ito, Panginoon, sa Iyo.” Pagpalain ka ng Diyos. At pagpalain ka ng Diyos. Iya’y tama. “Hayaang maiwala ko ang aking sarili, Panginoon. Hayaang makalimot ako.” Pagpalain ka ng Diyos, lalaking kapatid. “Hayaan ako...” Pagpalain ka ng Diyos, babaeng kapatid. “Hayaan lamang na maiwala ko ang lahat kong kaalaman.” Pagpalain ka ng Diyos, babaeng kapatid. Huwag kayong magtiwala sa mga panukala na gawa ng tao. Sumunod sa Patnubay, papatnubayan ka Niya sa buong Katotohanan. “Pangunahan Mo ako, Panginoong Jesus, pangunahan Mo ako.” Pagpalain ka ng Diyos dyan sa likuran. Oh, napakaraming mga kamay ang nakataas, nagnanais ng kaligtaasan. Ngayon habang tayo’y...

¹⁵⁹ Ang altar dito, hindi kayo maaaring magtawag sa altar, dahil ang mga tao ay nakaupo dito. Ngunit Siya’y nariyan mismo. Alam ninyo nang mabuti at mainam, nang itaas ninyo ang inyong kamay, may isang bagay na nangyari sa inyong puso. Sabi ni Jesus, “Ang dumirinig ng Aking Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan.” Tapat ka ba dito? Kung gayon narito ang bautismuhan dito na puno ng tubig. Magkakaroon ng maraming panahon para sa pagbabautismo. Tayo ay manalangin.

¹⁶⁰ Aming Amang Makalangit, ang munting patid—patid na Mensaheng ito ngayong gabi sa pamamagitan ng isang namamaos na tinig, ang Banal na Espiritu marahil ay napadako kung saan. Naparoon Ito kung saan Ito itinakda, at mayroong napakarami, Panginoon, ngayong gabi, mayroong labing lima

o dalawampung nagtaas ng kanilang mga kamay, na kailangan nila ang Patnubay. Napagtanto nilang pinipilit nilang dayain ang kanilang sarili. Pinipilit nilang sabihing “Ako’y ayos lang,” ngunit sa kaloob—looban alam nilang sila’y hindi. At nais Ka nilang maramdaman, Panginoon. Nais nila ang Patnubay. Nais nilang lumagda. Ikaw ay hindi kailanman lumabis. Nais nilang sumama para sa paglalakbay na ito. Hindi nila alam kung paano ang makarating doon. Wala ni isa mang nakakaalam kung papaano sila dadalhin roon; Tanging Ikaw lamang. Sila’y lumalapit para sa inilaan ng Diyos na Patnubay, ang Banal na Espiritu. Itinaas nila ang kanilang mga kamay.

¹⁶¹ Oh Banal na Espiritu at Patnubay, bumaba Ka sa kanila. Patawarin ang bawat kasalanan. Patawarin ang kanilang mga katampalasanan. Dalhin sila sa Katawan ni Cristo ngayong gabi, kung saan mararamdaman nila ang kapangyarihan ng Diyos na dumadaloy sa Linyang iyon na mangunguna sa kanila patungo sa Jordan, at sa patawid ng Jordan patungo sa Lupang ipinangako. Nawa ay sumunod mismo sila sa likuran ng Salita. Sabi ng Salita, “Magsisi, at pagkatapos ay magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo.” Nawa ay huwag nilang subukan ito sa ibang paraan. Nawa sumunod sila sa likuran mismo ng Salita, sapagkat Siya ang Siyang papatnubay. Iyan ang—iyan ang mga baitang sa pag—akyat hanggang sa aming mahawakan ang Patnubay. Ipagkaloob ito, Panginoon. Sila nawa ay maging sa Iyo. Sila’y nasa Iyong mga kamay ngayon, bilang mga tropeo, walang taong makakaagaw sa kanila. Sumasampalataya akong kukunin Mo sila, bilang mga iniligtas na mga tao. Naniniwala akong itinaas nila ang kanilang mga kamay, hindi nila maaaring magawa iyon sa kanilang mga sarili malibang may Isang Bagay na nangusap sa kanila. Ikaw Iyon, Banal na Espiritu at Patnubay.

¹⁶² Nakikita nila na ang panahon ay patapos na, ang mga ulap ay paparating sa lupa, maraming mga malalaking kredito at—at mga bagay ay sama—samang nagkakaisa, ang mga iglesia ay nagkakaisa, nagsasama—sama. At, Oh Diyos, gaano nilang sinisikap sabihing, “Lahat ng may kaibhan ay kailangang umalis dito at pumaroon sa Alaska.” At lahat ng mga bagay na ito na kanilang pinangtatakot, hindi na iyon bago sa amin, ang dakilang Patnubay ay ipinakita na iyan sa amin sa landas ng Salita. Kami ay dumadaan lamang diyana sa bahagi Nito.

¹⁶³ Ama, Diyos, Ikaw ay nangusap sa kanila ngayong gabi, at akin silang ibinibigay sa Iyo ngayon bilang mga tropeo ng Salita. Sa Pangalan ni Jesus.

¹⁶⁴ Ngayon, nakalagay sa mesa dito, Ama, ay mga panyo, ito’y para sa mga taong may karamdaman, ilang munting sanggol, marahil, ilan ay ina, ilan ay kapatid na babae, ilan ay kapatid na lalaki; maging maliliit na mga ipit ng buhok na nakalagay sa kanila. At ngayon hawak ko sila malapit sa akin. Ngayon, kami

ay tinuruan sa Biblia na kinuha nila mula sa katawan ni Pablo ang mga panyo at panapi, at ang mga taong may karamdaman ay gumaling, ang mga karumaldumal na espiritu ay nagsilabas sa mga tao. Ngayon aming napagtanto, Panginoon, na si Pablo ay isang tao, siya ay isang tao lamang. Ngunit iyon ay ang pahid ng Banal na Espiritu na nasa kaniya ang nagpala sa mga panyo, at ang pananampalataya na nasa mga tao na siya ang Iyong apostol. Ngayon si Pablo ay kinuha na sa amin, ngunit hindi ang Patnubay, narito pa rin Siya. At, Diyos, dalangin ko na Iyong pagpalain ang mga panyong Ito, at nawa ang Patnubay ay pangunahan sila sa lugar, ang lubos na pagsuko.

¹⁶⁵ Nasabi muli sa amin na nang ang Israel ay sumusunod sa kanilang Patnubay, at sila'y dumating mismo sa Jordan, doon mismo (pala) sa Dagat na Pula. Nasa mismong paggawa ng kanilang tungkulin sila'y pinahinto, at ang Patnubay ay pinangunahan sila doon. Ano? Upang ipakita ang Kaniyang kaluwalhatian. At nang ang lahat ng pag—asa ay wala na, sa gayon ang Dios ay tumingin sa pamamagitan ng Haliging Apoy na iyon, at maging ang matandang patay na dagat ay natakot at siya'y umurong, at nagkaroon ng daanan para sa Israel upang lumakad patungo sa lupang pangako.

¹⁶⁶ Tunay nga, Panginoon, Ika'y Siya pa ring Diyos. Ang mga taong ito marahil ay mga Kristiyano, marahil sila ay nasa mismong landas ng tungkulin, ngunit sila'y dinala sa gipit na kalagayang ito kung saan sila ay ginigipit ng karamdaman. Tumingin ka sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus ngayong gabi, ang Diablong iyan ay matatakot, siya'y aatras, at ang Iyong mga anak ay tatawid sa pangako ng magandang kalusugan. Ipagkaloob ito, Ama. isinusugo ko sila mula sa aking katawan patungo sa kanila, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

¹⁶⁷ Itinataas ko ang kongregasyong ito sa Iyong harapan, sa pamamagitan ng pananampalataya dinadala ko sila mismo sa maluwalhating dambana ng Diyos doon sa Langit. Sa bawat hangarin ng karamdaman, anuman ang mayroon sila na mali, anuman ang mali sa kanilang mga buhay saanman, Diyos, linisin sila, gawin silang sa Iyo. Pagalingin sila, Ama. At nawa ang Kapangyarihan na nagbangon kay Jesus mula sa libingan, ay buhayin ang kanilang may kamatayang katawan at gawin silang mga bagong nilalang kay Cristo. Pagkalooban sila ng magandang kalusugan at kalakasan upang mapaglingkuran Ka.

¹⁶⁸ Alalahanin ako, Oh Panginoon. Ako ay Iyong lingkod. Tulungan Mo ako, tumatayo sa pangangailangan ng panalangin. At dalangin ko na ang Banal na Espiritu ay papatnubay sa amin at gagamitin kami, at pangungunahan kami hanggang sa araw na makita namin si Jesus Cristo ng mukhaan sa Kaniyang maluwalhating Pagparito kapag sinalubong namin Siya sa alapaap sa Pag—agaw. Sa Pangalan ni Cristo hinihiling namin ito. Amen.

I love Him, I . . . (Mahal ba ninyo?)
 Because He first loved me
 And purchased my salvation
 On Calvary's tree.

¹⁶⁹ Ngayon, kung hindi ninyo mahal ang isa't isa na inyong nakikita, paano ninyo Siya mamahalin Na hindi pa ninyo nakikita? Ngayon kapag inaawit natin ang *I love Him*, bigyan natin ang ating katabi ng isang taos pusong pakikipagkamay ng pag—ibig.

I love Him, . . .

[Si Kapatid na Branham ay nakipagkamay sa mga nakapaligid sa kaniya—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville. [Patuloy na umaawit ang kongregasyon.]

On Calvary's tree.

Ngayon itaas natin ang inyong mga kamay sa Kaniya.

I love Him, I love Him
 Because He first loved me
 And purchased my salvation
 On Calvary's tree.

¹⁷⁰ Para sa isang magandang awit, nais ba ninyong makarinig ng isa? Nauunawaan ko na mayroon tayong isang ebanghelistang taga—panguna sa pag—awit dito mula sa Indianapolis. Naniniwala akong siya ay umaawit sa Cadle Tabernacle. 'Yan ba ay tama? Mabuti, ginoo. Iyan ang kaniyang lugar sa Cadle Tabernacle. Ilan ang nakakaalala kay E. Howard Cadle? Oh, naku! Pagpahingahin ng Dios ang kaniyang mahal na kaluluwa. Ang mockingbird sa alapaap, ang isang babae na gustong—gusto kong naririnig na umawit, higit na mainam kaysa sino mang halos narinig ko nang umawit sa buong buhay ko, ay si Ginang Cadle, umaawit ng, "Nang iwan mo ang iyong silid kaninang umaga, naisip mo bang manalangin sa Pangalan ni Cristo na ating Tagapagligtas, bilang Kalasag ngayon?"

¹⁷¹ Sa kabila mismo ng kalsada doon isang umaga, sa isang munting lumang dalawang silid na dampa, bumangon ako, papasok na sana ako at gagawa ng apoy. Ang kalan ay ayaw masindihan. At tinangka kong sindihan ito, at ang hangin ay bumaba, hinipan ang bagay papunta sa aking mukha. At noon ay maginaw, at ako ay halos tumigas sa lamig. At may namumuong hamog sa sahig, at ako ay nakapaa; sinisikap na sindihan ang munting lumang latang kalan na ito, may maliit na tubo ng hurno ay nakalagay dito. At ako ay sadyang . . . si Meda at ako ay medyo kakakasal pa lamang. At ako'y nagsisikap, ang lumang kahoy ay basa at hindi masindihan, at ako ay nakaupo roon, naisip Ko, "Oh, naku! Susubukan kong muli." Kailangang mapagana, at pinapaypayan ang lumang kalan tulad niyan. At aking inabot at binuksan ang radyo, at siya'y nag—umpisang umawit, "Nang iwan mo ang iyong silid kaninang umaga, naisip

mo bang manalangin,” ako ay napaluhod na lamang sa sahig, “sa Pangalan ni Cristo na ating Tagapagligtas, bilang isang Kalasag ngayon?” Oh, gustong—gusto kong naririnig ang babaeng iyon!

¹⁷² Kapag ako’y tumawid na sa ilog minsan, naniniwala akong maririnig ko si Ginang Cadle na nakaupo roon. Alam n’yo, Ako’y dati nang laging nakikipagtipan. Sa bahaging ito ng ilog, naroon ang Puno ng evergreen, alam ninyo, ang Puno ng Buhay; at doon sa kabilang bahagi ng ilog, naroon ang isang koro ng mga Anghel na nag—aawitan araw at gabi, ‘pagkat walang gabi roon, umaawit buong araw, kita n’yo. Hahanap ako ng isang lugar at uupo lamang at makikinig dito. Naniniwala akong maririnig ko si Ginang Cadle doon na umaawit.

¹⁷³ Pagpalain ng Dios ang ating lalaking kapatid. Nalimutan ko ang kaniyang pangalan. Ano iyon, kapatid? [Ang lalaking kapatid ay nagsabing, “Ned Woolman”—Pat.] Si Kapatid na Ned Woolman ay aawit para sa inyo ngayon. Kapatid na Woolman, ikinagagalak na makasama ka dito ngayong gabi. [Si Kapatid na Woolman ay umawit ng *The Chapel of My Heart*.]



ISANG PATNUBAY TAG62-1014E
(A Guide)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Oktubre 14, 1962 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2006 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org